UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAY 27 1957

# Magasin ng BAGONG Buhay

MAYO 26, 1957

Indexed
AFA



## Mga Sulat Sa Editor

Labis po kaming nasiyahan nang buksan uli ninyo ang pitak ng mga madyik o salamangka. Ang akala po namin ay tapos na nang itigil ninyo may limang buwan na ang nakararaan. Lagi po naming binabasa ang pitak ninyong ito pagka't nakalilibang at nakatutuwang pag-aralan.

Maaari po bang ilathala naman ninyo ang tungkol sa pagpapalabas ng kalapati sa pamamagitan ng panyo at itlog, gaya ng nakita namin sa isang perya? Kapanapanabik pong matutuhan iyon. — *Estrella Daniel, Ilaya, Tundo, Maynila.*

**Kaya nga ho binuksan uli namin ang pitak na ito ay alam naming nakalilibang basahin. Hayaan ninyo't sasabihin namin kay Ba Aryo na ilabas ang nahihiling ninyo. —ED.**

—‹ O ›—

Malaki ang iginanda ng inyong Magasin. Marami ngayong maiinam na nilalaman na pawang kapanapanabik basahin.

Lalo sanang mainam kung tatahiin ninyong lagi pagka't sa gayo'y higit na maginhawang basahin. Kung minsan at nagkakahiwa-hiwalay ay natatrangkaso tuloy kami sa hirap ng muling pag-aayos. — *Paulo San Diego, Malolos, Bulakan.*

**Palabiro kayo, Mang Paulo. Alam ninyo'y malimit din hong "matrangkaso" ang aming makinang panahi, kaya hindi natatahing lahat ang ating magasin. Ipagagamot na ho namin sa mahusay na doktor para "gumaling" at nang di na kayo mahirapan sa pagbabasa. . . — ED.**

—‹ O ›—

Magkano po ba ang isang taong suskrisyon ng Bagong Buhay? At paano po ang kondisyon sa pag-aahente sa inyong pahayagan? — *Dalmacio Rakina, Laguna.*

**Malalaman ho ninyo sa departamento ng sirkulasyon ng**

(*Sundan sa pah. 31*)

*Sa Mga Bakas Ni Magsaysay*

# MAPUSOK MAN SAKALI...




**Maging noong kandidato pa sa pagka-Pangulo, si RM ay dinudumog ng mga mamamayan kung nagtutungo sa mga lalawiran. Gaya ng makikita sa larawan, isang babae ang tuwang-tuwang humawak sa kanyang mga kamay. Anang babae: "Maaari na akong mamatay ngayon pagka't nakita at nahipo ko si Magsaysay!"**



**Kapiling ang masusugid na tagapagtaguyod, si RM nang kandidato pa noon sa panguluhan ay napakuha ng larawan bago sumakay sa lantsa buhat sa pulo ng Samal sa Dabaw. Si RM ang kauna-unahang kandidato sa panguluhan na nakadalaw sa pulong iyon na may 35,000 mamamayan.**

ISA sa hayag na mga ugali ng yumaong Pangulong Magsaysay ang pagkamapusok. Sa kanya'y napakaikli ng panahon upang magpaumat-umat sa pagkilos, kaya madali siyang magpasiya. Tao lamang palibhasa, may pagkakataong nagkakamali siya; nguni't tinatanggap niya ang pagkakamaling iyon.

Sa pakikipanayam kamakailan ay ipinagtapat ng Pangalawang Kalihim Jose M. Crisol ng Tanggulan na noong unang taon ng panunungkulan ni RM bilang Pangulo ay nagkalsa ang ilang kagawad ng Gabinete na magharap ng mga puna sa Pangasiwaan.

"Madalas punahin noon ang Pangulong Magsaysay sa mga pahayagan at radyo," ani Crisol. "Sa pamamagitan ng palabunutan ay natalaga kami ni Manuel 'Dindo' Gonzales na makipag-usap sa kanya upang magpayo, alang-alang sa ikatatahimik ng mga kritiko.

Ayon kay Crisol, kagawad ng *Board of Liquidators*, ay naratnan nilang namamahinga sa Malakanyang si RM na waring masaya.

Gayon man, hindi agad nila sinabi ang kanilang pakay. Pinakiramdaman muna si RM.

"Palibhasa'y matagal kong nakasama, alam ko ang kanyang ugali," wika ni Crisol. "Kapag nagsindi ng sigarilyo at idinuldul-duldol sa abuhan kahit hindi hinihitit, malamig ang ulo ni RM."

At nang magsindi ng sigarilyo si RM ay binasa ni "Dindo" Gonzales ang talaan ng may 15 tuligsa sa Pangasiwaan. Nguni't nabigla rin si RM at malakas na itinanong: "Ano ang gusto nilang gawin ko?"

Kinailangang ipaliwanag ni "Dindo" na bagaman mabuti ang layunin ni RM sa mga hakbang na naging kapaki-pakinabang sa maraming mamamayan ay may ilang hindi nasisiyahan pagka't naiiba ng paniniwala.

"Gaya ng kanyang pangako, ginawa ng Pangulong Magsaysay ang nararapat na pagtutuwid sa ilan niyang mga pagkakamali," sabi ni Crisol. "Subali't matitiyak kong nagkamali man ay matapat ang mga layunin niya."

Lalong madaling magalit si RM kung may pinuno ng pamahalaang nasasangkot sa katiwalian, o nadadawit sa mga alingasngas.

Bago magpasko noong 1956, iniulat kay RM na si Gregorio Licaros, tagapangulo ng Lupon sa Pagangkat at Pagluluwas ng Banko Sentral, ay nangingilak ng isang porsiyentong abuloy sa lahat ng importador sa Kapuluan para sa *Malacañang Christmas Festival* na pi-

MAGASIN NG BAGONG Buhay
Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY
Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila
Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon
Namamatnugot: EDDIE RANOLA
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad
PETE VENEZUELA — Sa sining

## ni CARLOS C. MARCELO

***"Gaya Ng Palasak Na Tawag Sa Kanya — Lalaki Ng Paggawa — Tinupad Ni RM Ang Tungkulin Niya. Idinumog Niya Ang Kanyang Katawan Sa Paggawa."***

ang kabuhayan ng mga dukha."

Hayag na ugali ni RM ang pagkamapusok, subali't hindi siya marahas. Hinangad lamang niyang mapadali ang paglutas sa mga suliranin ng pamahalaan para sa kapakinabangan ng mahigit na dalawampu't isang milyong Pilipino.

At natupad ang sinabi ni Embahador Carlos P. Romulo noong Disyembre, 1953, tungkol kay RM:

"Hinuhulaan kong masasaksihan sa 1954 ang pagsilang ng isang bagong lider sa Asya na magbubunsod ng kilusan laban sa komunismo sa bahaging iyon ng daigdig sa pamamagitan ng pagpapamalas sa kanyang patakaran ng pinakamabisang paraan ng pagbaka sa imperyalismo ng mga komunista."

namahalaan ng naging Unang Ginang Luz Banzon Magsaysay.

Ipinagtapat ni Benigno Aquino, Jr., naging katulong na tekniko sa Malakanyang, na inatasan siya ni RM na magsiyasat kung tutoong may ipinadalang sulat ni Licaros sa mga importador. At nang mabasa ang limang sulat na nilagdaan ni Licaros tungkol sa panghihingi ng takdang halaga, nagsiklab sa galit si RM.

Nagkataong paalis noon si Licaros na dadalaw sa maysakit na asawa sa Estados Unidos. Nang magtungo sa Malakanyang upang magpaalam ay kinagalitan siya ni RM.

At itinawalag ni RM si Licaros.

Nguni't dahil sa pakiusap ng mga mamamayan, maging ng mga importador, ibinalik ni RM sa tungkulin si Licaros. Marahil, naliwanagan niyang marahas ang kanyang hakbang. Na, sakaling nagkamali man si Licaros ay matapat ang layunin — makatulong sa mga dukhang dapat ding lumigaya sa araw ng Pasko.

"Pinairal ni Magsaysay sa kanyang sarili at sa mga malapit sa kanya ang isang napakahigpit na pamantayan ng kadakilaang-asal. Hindi niya pinabayaan ang ano mang paglabag o pagsira sa pamantayang ito," ani Aquino.

Gaya ng palasak na taguri sa kanya — *Lalaki ng Paggawa* — pangatawanang tinupad ni RM ang tungkulin niya. Halos idinumog niya ang kanyang katawan sa paggawa, hindi lamang sa Malakanyang kundi maging sa mga lalawigan.

Nang magpanayam sa Lingayen ang mga alkalde sa Pangasinan noong Pebrero, 1954 ay walang kaabug-abog na dumalo si RM, kasama ang ilang pinuno ng Konstabularya. Ang mga alkalde ay nabigla. Tila hindi makapaniwala sa pagdating ni RM.

At ilang sandali pa'y pumuno sa bulwagan ang tinig ng "Idolo ng Bayan" habang takang-takang nakamasid ang mga alkalde. Maging ang lalaking namamahala sa mikropono'y hindi nakakilos agad.

Nagsasalita na si RM nang ilapit sa kanya ang mikropono. Nguni't sa halip tanggapin iyon ay mapitagan niyang tinanggihan.

"Ibig kong marinig ninyo ang pagsasalita ko nang tuwiran buhat sa aking puso," aniya.

Ipinaliwanag ni RM kung bakit ipinagbawal niya ang pagkatay ng kalabaw. Na, ang kalabaw ay mahalagang katulong ng mga magsasaka sa pagbubungkal ng lupa kaya dapat mahalin, alang-alang sa kapakinabangan ng mga mamamayan at ng bansa.


Bago natapos ang pagsasalita ni RM ay napuno ng tao ang bulwagan hanggang sa mga pasilyo sa labas. Karamihan sa kanila'y mga estudyante sa di-kalayuang paaralan, mga kawani at matatandang tagaroon.

Parang hanging mabilis na kumalat ang balitang na sa Lingayen si RM. At si Alkalde Teofilo P. Guadiz ng Lunsod ng Dagupan ay nagmamadaling nagtungo sa Lingayen upang makita ang puno ng bansa.


Nguni't nakaalis na si RM nang dumating sa Lingayen si Alkalde Guadiz. Nagbalik na sa Maynila si RM pagkaraan ng may kalahating oras na pagdalaw roon.

Matagal nang nakaalis si RM ay umpuk-umpok pang nangagkatipon sa gilid ng lansangang dinaanan niya ang mga mamamayan. Balana'y pumuri sa "Idolo ng Bayan" dahil sa ipinamalas na pagmamalasakit sa kapakanan ng bansa.

Humahanga, isang babae ang nagpahayag: "Halos hindi ako makapaniwalang nag-abalang dumalaw rito ang Pangulong Magsaysay upang ipaliwanag lang ang halaga ng kalabaw sa buhay ng tao. Talagang matapat ang layunin niyang mapaunlad



Kinikilalang pangunahing lider sa pagbaka sa komunismo, ang noon ay Kalihim Ramon Magsaysay ng Kagawaran ng Tanggulan ay nahirang na pangulong pandangal ng Philippine Anti-Communist League. Makikitang iniaabot kay RM ni Frank Tenny, pangulo ng liga, ang nakakuwadrong katibayan.









*PAGBABAGO SA KONSTITUSYON*

"...Ang magkalakip na pulong ng dalawang kapulungan ukol sa pagsususog sa Saligang-batas ay nabigo sa talagang layon...

"Sa halip ay nasaksihan ang biglang pagkasira ng kasunduan ng Mayorya at Minorya, bukod sa nagkainitan sa pagtatalo ang magkabilang panig na umabot sa pagpaparunggitan at pagpapalitan ng mga paratang hinggil sa umano'y pang-aaping ginagawa ng Nasyonalista sa mga Liberal sa kasalukuyan, at ng mga Liberal sa Nasyonalista sa buong panahong ang una, o ang Oposisyon ngayon ay nasa kapangyarihan o Pangasiwaan."

*Karamihan sa mga ipinahayag na gagawing pagbabago sa Konstitusyon ay may uring pampulitika o sa tuwirang salita ay may mga kinalaman sa ating mga pulitiko. At inaasahan naming pagkatapos ng pagbabago sa ating Saligang-Batas ay may* ipinagbago *na rin ang mga pulitikong kinauukulan. Kailangang magbago sila. Piryud. Tuldok.* (At Punto *para sa mga masigasig sa* Spanish Bill).

*SALAPI LABAN SA TRANGKASO*

"Hanggang Mayo 21 ay tinatayang mahigit nang 53,000 ang nararatay sa nasabing karamdaman (ano pa?) sa loob lamang ng Lunsod (ng Maynila). May 40 na ang nasawi simula noong Enero, sangayon sa rekord ng Kawanihan ng Kalusugan... Dapat isiping marami o higit pa rito ang hindi nairekord, iyong mga hindi dinala sa ospital, halimbawa.

"Dahil dito'y tatlong panukala ang nilagdaan ni Alkalde Lacson.

"Pinakamahalaga sa mga nasabing panukala ang paglalaan ng ₱30,000 ukol sa pambiglaang mga obrero ng Kagawaran ng Palingkurang-bayan...


"Sinabi na daan-daang tsuper, tagahakot ng basura at tagalinis ng palingkuran ang nararatay at ang Palingkurang-bayan (Public Service) ay nahaharap sa pagkalumpo."

*Sa madaling sabi o sa maikling salita, natrangkaso ang* Public Service. *Ito'y katunayan lamang na ang —(alam na n'yo) ay talagang nakahahawa. Aral pa rin ito sa kinauukulang mga pamahalaang-bayan: dapat magkaroon o bigyan ng makabagong mga kagamitan ang mga tagahakot ng basura para sa makabagong paghahakot ng basura nang matiyak ang kanilang kaligtasan sa mga sakit na nakahahawa. E, kung gaya nga n'yan, naghakot ng basura e, nakahakot din ng trangkaso!*


*NINAKAW NA MAHAHALAGANG GAMIT NG SIMBAHAN*

"Isang madre ang napagnakawan ng mga di

(Sundan sa pah 20)



*Napagigitnaan si Dely ng dalawang panauhing kinapanayam niya sa kanyang palatuntunan sa DZRH. Ganyan si Dely sa kanyang mga pakikiharap — nakangiti at laging magiliw.*



*Si Dely Magpayo (pangalawa mula sa kaliwa) ay makikitang nakikipagpanayam sa dalawang nagwaging kalahok sa kanyang palatuntunang* Reyna ng Vicks. *Ang nakatayo sa kaliwa ay si Cynthia Zamora ng Premiere Productions.*



# *Ang Tinig ni Dely Magpayo*

## (*Sa Kanyang mga Tagahanga*)

**Pakikipanayam ni Maria S. Tonsay**

MULA sa Radio Center, Philippines ay isang babaing anaunser ang sa kasalukuyan ay may malaking hukbo ng tagahanga. Mapa-lalawigan at maging sa Maynila ay parang balani ang kanyang tinig na umaakit ng maraming tagapakinig. Sa kasalukuyan ay may kung ilan na siyang palatuntunan na ang bawa't isa ay maraming tagasubaybay.

Ang tinig na ito ay malambing, at ang higit na kinagigiliwan ng marami ay ang kanyang pamamaraan ng pagtalakay sa mga bagay na kanyang isinasahimpapawid at ang matatag na paninindigan sa mga bagay na makatarungan. Ang tinig na ito ay walang iba kundi ang kay Dely Magpayo.

Si Dely ay umaawit din. Hindi kakaunting awit niya ang naisaplaka na. Ito ang unang ginampanan niya nang una siyang pumagitna sa larangan ng radyo noong bago magkadigma.

Ang pangunahing hangad ni Dely, bilang isang alagad ng sining sa pagsasahimpapawid, ay ang makapagdulot ng kaaliwan sa marami, kung di man sa lahat, ayon sa naaabot ng kanyang kakayahan.

Subali't ang pagbibigay ng kasiyahan sa iba ay hindi laging nakabubuti. May pagkakataong tumatanggap si Dely ng mga liham na pumupuna o kaya'y namimintás sa kanyang mga tinatalakay na paksa.

Kung minsan naman ay may nagpapadala ng liham sa kanya na humihingi ng payo, nguni't kung hindi maibigan ay nagagalit.

Mababanggit ang ibinalita sa amin ni Dely na isang binatang nagsadya sa Radio Center at humingi ng payo ukol sa kasintahang ikinahihiya siya umano. Pinagpayuhan ito ni Dely na kapag gayon ang pakikitungo ng isang babae sa kanyang kasintahan ay nangangahulugang hindi tapat na nagmamahal, kaya ang lalong mabuti ay iwanan na ito at humanap ng iba. Nguni't sa halip na magpasalamat ang binata ay nagalit



*Si Dely (nakatayo) ay makikitang nakikipagkamay sa ilang babaing panauhin. Ito ay bahagi ng araw-araw na buhay niya sa larangan ng radyo.*


Kung hindi makapagsipilyo matapos kumain
Sapat na ang Minsang *Pagsisipilyo* ng

**COLGATE DENTAL CREAM**

✓ **Laban sa Pagkabulok ng Ngipin sa Maghapon!**
✓ **Pinapawi ang Masamang Hininga Agad-agad!**
✓ **Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!**




may GARDOL*

*Colgate's Trade-Mark For Sodium N-Lauroyl Sarcosinate

itinatagubilin ng PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION

**PINABABANGO ANG INYONG HININGA HABANG NILILINIS ANG INYONG NGIPIN!**

pa ito sa kanya.

Hindi lamang ito ang nakatutuwang mga karanasan ni Dely sa kanyang gawain sa kasalukuyan. Gayunpaman, mahal pa rin ni Dely ang larangang ito na kanyang pinasok. Inaamin niyang may mga sandaling pinanghihinaan siya ng loob, subali't ang kanyang sigla ay lalong nag-iibayo upang ipagpatuloy ang kanyang pagsusumakit kung dumarating ang mga pagkakataong ang kanyang mga tagahanga ay kusang nagsasadya sa Radio Center sa hangad lamang na makita siya nang personal. Wika pa nga ni Dely ay "Hindi ko mapigil na makadama ng kasiyahan kung ang mga taong ito na nagsisipagsadya sa aming himpilan ay nagiging palagay ang loob sa akin at walang pag-aalinlangang idinaraing ang kanilang suliranin."

Nang pagsadyain namin si Dely upang kapanayamin, ay hindi siya agad-agad makaalis upang salubungin kami pagka't napaliligiran siya ng maraming taga-lalawigan na nagsadya sa Maynila dahil lamang sa kanya. Nasabi pa nga tuloy ng isa na: "Kayo po pala ang may-ari ng tinig na kinasasabikan namin sa radyo! Ngayong kayo'y makaharap namin ay uuwi kaming masayang-masaya mamayang hapon."

Ang mga palatuntunan ni Dely na lalong mahalaga para sa kanya ay ang **"Dely Magpayo Show"** at ang **"Reyna ng Vicks"**. Sa dalawang palatuntunang ito ay nakaharap at nakadaupang-palad niya ang iba't ibang uri ng tao. Ito ang lalong kinagigiliwan ng madla at umaani ng ganap na tagumpay para kay Dely sa larangan ng pagsasahimpapawid. Nguni't si Dely ay tutoong mababang-loob at ayaw tanggapin ang katotohanang ito. Para sa kanya ay walang gasino ang kanyang nagagawa. At ang higit naming hinangaan sa kanya ay nang idugtong niyang maging gaano man daw ang tagumpay ng babae sa isang larangan ng paghahanap-buhay ay nawawalan din ng kabuluhan kung siya'y hindi maalam ng gawaing pantahanan. Lalo na para sa isang babaing may pamilya, ang ano mang tagumpay ay natutulad sa bula na madaling tangayin ng hangin, kung ang pangunahing tungkulin sa asawa at anak ay napapabayaan.

Dahil sa paniniwalang ito, si Dely ay maalam ng mga gawain sa tahanan, gaya ng pagluluto, paglalaba at paglilinis ng bahay. Higit sa lahat ay iniingatan niyang mabuti ang mga bagay na nauukol sa kalusugan ng kanyang mga kasambahay, lalo na sa mga bata. Maagang gumigising si Dely upang maghanda ng agahan at ihanda ang mga bagay na kanyang iiwan sa kanilang katulong bago siya magtungo sa kanyang gawain. Pagdating ng gabi ay hindi nakakatulog agad si Dely pagka't hinaharap pa niya ang mga bagay na dapat maisaayos sa kanilang tahanan.

Natuto si Dely ng mga gawaing pantahanan noong siya ay bata pa. Mahigpit ang kaniyang ina ukol sa bagay na ito. Inibig ng matanda na huwag kumuha ng katulong kahit abot ng kanilang kaya, sa hangad ng matanda na matuto sila ng mga gawain sa tahanan.

Marami ang nagsasabing malinaw bumigkas ng Tagalog si Dely Magpayo at ito ang isang bagay kung bakit siya napamahal sa kanyang mga tagahanga. Hindi katakatakang maging gayon si Dely sapagka't siya'y likas na Bulakenya, bagama't lumaki siya sa Maynila. Ang kanyang ama't ina ay kapuwa taga-Bulakan din.

Ayon sa sariling palagay ni Dely sa kasalukuyang takbo ng panahon ay hindi naman masama, subali't higit niyang naiibigan ang maka-lumang mga asal at gawi. Lalo na sa panig ng moda, nasabi ni Dely na kailangang maging matalino ang mga babaing Pilipina sa pagsunod dito. Sa maraming pagkakataon ay nakikita nga naman tayo ng babaing sunod nang sunod sa moda kahit hindi nababagay sa kanila.

Maging sa mga kabataan nga naman ngayon, ang mga ito ay halos wala nang iginagalang. Ang dating ugali nating humahalik ng kamay sa matatanda at mapagbigay sa mga babae at nakatatanda ay ganap nang nalimot. At sa halip nito ay napalit ang magaspang at walang pitagang mga kilos.

Sa ganang kay Dely ay nasa kamay ng mga magulang ang ikapagbabago ng mga kabataang ito. Ang dating kahigpitan ng matatanda sa mga kabataan noong mga nagdaang panahon ay kailangang ibalik upang magkaroon ng takot ang mga anak at magsilaking suhetado ng mga magulang.

Ito ang mga bagay na nalaman namin sa pakikipanayam sa mabait na si Dely Magpayo.

Ang kahyang mga panuntunan sa buhay, ang kanyang mga inaaning tagumpay, ang kanyang paniniwala at simulain ay isang magandang huwaran ng ating kababaihan. (X)





**Pinakamasayang pook sa tabing-dagat**

Kung saan may Coca-Cola — doon ninyo matatagpuan ang kasayahan! Ito'y may isang paraan ng pagpapasigla sa mga tao — nagdudulot ng katuwaan na nagiging sanhi ng mga halakhakan at masasayang usapan. At ang kasiya-siyang lasa nito ay tunay na nakagiginhawa! Kaya't magdala kayo ng isang palamigan ng Coca-Cola — at kayo ang magiging kapansin-pansing dilag sa tabing-dagat!

DRINK Coca-Cola
30th ANNIVERSARY IN THE PHILIPPINES 1927-1957

# Hayaang idulot sa inyo ng Coca-Cola ang pinakamasiglang sandali

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA: **SAN MIGUEL BREWERY**



KAMAKAILAN LAMANG AY NAPALIMBAG SA PAHINA RING ITO ANG PARAAN NG PAGLULUTO NG RELYENONG BANGUS. NGAYON NAMAN AY MABABATID NINYO ANG PARAAN NG PAGRERELYENO NG TALONG AT NG KAMATIS. BASAHIN ANG NASA IBABA AT BAKA SAKALING MAIBIGAN NINYONG SUBUKIN SA MGA SUMUSUNOD NA ARAW.

# mga Pagkain Natin

## RELYENONG KAMATIS

**MGA SANGKAP:**

3 malalaking alimasag
6 na malalaking kamatis
½ sibuyas
2 itlog
2 butil na bawang
1 kutsarang mantika
½ tasang kanin
½ kahon ng pasas
paminta
asin

**PARAAN NG PAGLULUTO:**

Igisa sa mantika ang pinitpit na bawang at ang tinadtad na sibuyas. Pagkaraan ng ilang sandali ay isama ang kanin at ang hinimay na nilagang alimasag pati na ang pasas. Haluin ang nasa kawali at pagkaraan ay timplahan ng asin at paminta. Alisin naman ngayon sa apoy ang nakasalang at ilagay ang hiniwang nilagang itlog. Palamigin ang iniluto.

Samantala, hiwain naman nang paputol ang mga kamatis at alisin ang lahat ng buto at nang sa gayon ay malamnang mabuti ang mga iyon. Itulad ninyo ang gagawing paghahain sa nakalarawan at nang maging kahali-halina ang pagkaing ito.

*(Padala ni Aurora Jeciel ng PWU)*

## RELYENONG TALONG

**MGA SANGKAP:**

3 talong
1 itlog
1 sibuyas
toyo at asin
½ kilong giniling na baboy
1 pulang sili
3 butil na bawang
mantika

**PARAAN NG PAGLULUTO:**

Ang paraan ng pagluluto ng relyeno ay iisa-isahin natin.

I. Talong: Iihaw ang talong at pagkatapos ay talupan at biyakin. Budburan ng kaunting asin nang magkalasa.

II. Ang panlaman sa talong:

Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at ang giniling na baboy. Timplahan ng kaunting tubig at asin. Pakuluin hanggang sa magmanti-mantika ang baboy. Isama ang siling hiniwa nang pahaba at manipis. Hintaying maluto ang sili nang mga 10 minuto at pagkatapos ay timplahan ng betsin. Hanguin at palamigin.

III. Itlog: Ihiwalay ang pula ng itlog, batihing mabuti ang puti hanggang sa bulang-bula na. Isama ang pula at lagyan ng kaunting asin.

IV. Pagpipirito:

Mag-init ng kaunting mantika sa kawali. Ilagay ang katamtamang dami ng binating itlog saka ipatong ang talong na may laman na. Pagulungin sa mantika hanggang mabalot na maigi ng itlog ang talong. Hanguin kaagad kapag ang itlog ay mapula na. Ulitin ang paraang ito sa pagluluto ng iba pang natitirang talong.

Maaaring toyo o ketsup ang gamiting sawsawan.

(Padala ni Pacita R. Mariano ng Maynila)


# Ang Inyong Panlamig

Sa tuwing nababanggit ang salitang *panlamig*, wala nang iba pang iniuugnay ang isang tao kundi ang panahon ng tag-ulan. Ito'y isang katotohanan, subali't tag-init man, ang mga "sweater" ay naisusuot din. Marami ang nagsisitungo sa Bagyo at sa mga pook na malalamig, kaya paminsan-minsan ay hinihingi rin ng pagkakataon ang pagsusuot ng mga ito.

Makikita ngayon ang isang panlamig na may maikling manggas at walang kuwelyo. Kaya lamang parang iba-iba sa tingin ay kinabitan ng iba't ibang hugis ng kuwelyo.



*"Boby collar ang ikinabit na kuwelyo sa "sweater" na ito at ang telang ginamit ay "pique".*



*Nabago sa paningin ang panlamig na ito sa larawang nasa itaas sa pamamagitan ng pagtatahi ng puntas sa gilid ng kuwelyong pique.*



*Ang ipinatong naman ngayon sa panlamig ay isang malapad na kuwelyong may dalawang andana o putol at sinalitan ng "cutwork". Maaaring "linen" o "broadcloth" ang gamitin ninyo sa tabas na ito.*


# *Mga Burdang Pandamit*



*Ang "shiring" na palda ng kasuotang ito ay pinaligiran ng bulaklakang burda, gayon din ang pang-itaas. Gupitin lamang ang nakalarawan sa gawing kanan at siyang gamiting huwaran. Kung ang kulay ng inyong damit ay matingkad, ang dapat na maging kulay ng sinulid na pamburda ay yaong lutang sa tela nang sa gayon ay mapuna ang palamuting inilagay.*














*Nakita at nabasa ninyo noong nakaraang linggo sa pahinang ito ang ilang halimbawa ng pinagtambal-tambal na mga titik ng mga pangalan. Matutunghayan ngayon ang ilan pang pamburda na magagamit na huwaran. Kung ibig ninyo ang mga ito ay magagamit sa mga tuwalya, punda at mga palamuting pantahanan.*

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# Diyaryo: "Mapanganib Ang Trangkaso" Tembong: "Ang Trangkaso'y Malupit"



HINDI mabitiw-bitiwan ni Tembong ang kanyang tatlong panyo. Pinagpapalit-palit niya ang mga iyon sa pagpupunas niya ng luha. Kung minsan ay sa ilong. Singhot dito, singhot doon. Himutok dito, himutok doon. Ang lahat ay dahil sa pagkaulila niya sa kanyang tanging kasama: ang kanyang lola. Dahil dito'y isinumpa niya ang sanhi ng pagkamatay ng kanyang lola: ang mapanganib nguni't popular na TRANGKASO.

Sa pagkakasalaysay ni Tembong, ganito ang naging takbo ng mga pangyayari:

T. **Talaga bang trangkaso lamang ang ikinamatay ng lola mo?**

S. Ang isang naulilang katulad ko'y hindi na makapagbibiro pa sa sandali ng paghihinagpis.

T. **Paano nagsimula ang trangkaso ng iyong lola?**

S. Naku, magunita ko lamang iyan ay nangangaligkig na ako. At isipin mong patayin ang minamahal mong lola ng sakit na ipinangalan lamang sa isang hayop!

T. **Kahit na ayaw mong magunita, pilitin mo na. Paano nga nagkatrangkaso ang lola mo?**

S. Hindi ko malaman kung paano. Napakaraming dahilan akong naisip nang magsimula siyang maglubha. Una'y inakala kong dahil sa pagligo niya isang tanghali.

T. **Baka naman hindi. Hindi ba nakabubuti pa nga sa katawan ang paliligo?**

S. Makabubuti kaya iyon sa lola ko gayong may limang buwan na yata siyang hindi naliligo? Maaaring sa paliligo niyang yaon ay pinasok ang katawan niya ng mikrobyo.

T. **Paano papasukin ng mikrobyo ang katawan ng lola mo?**

S. Alam mo'y laging nakanganga ang lola ko pag naliligo. Baka 'ikako may mga mikrobyo ang tubig na ipinaligo niya, kaya ang nainom niyang tubig ay may mikrobyo.

T. **Bukod sa paliligo, ano pa ang hinihinala mong sanhi ng pagkakaroon ng trangkaso ng iyong lola?**

S. Ang paglalaro namin ng sungka.

T. **Paglalaro ng sungka?**

S. Iniisip mo marahil na malayo sa paksa, ano? Pero huwag kang magtaka. Isang sanhi ng trangkaso ang labis na init sa katawan.

T. **Ano ang kinalaman ng sungka sa init ng katawan?**

S. Alam mo'y tinalo ko noon ang aking lola. Ayaw na ayaw niyang matatalo. At pag natalo siya, hindi siya matahimik. Gustong makabawi. Pero natalo ko pa rin siya. Naging mainit ang ulo ng aking lola. Marahil, uminit din ang katawan niya, at diyan na nagsimula ang trangkaso.

T. **Baka naman hindi pa rin iyan ang pinagmulan ng trangkaso ng lola mo?**

S. Mayroon pa nga palang isa. At ito ang pinakamalapit na sanhing naisip ko.

T. **Ang alin?**

S. Ang pagpapakain niya sa aso.

T. **'Yan pa ang parang makatotohanan dahil sa salitang aso. Ano ang tungkol sa aso?**

S. Minsan ay pinakain niya ang aso namin na naglilihi yata. Biruin mong tanggihan 'yung ibinibigay na pagkain ng aking lola...

T. **Ano ang ginawa ng lola mo?**

S. Siyempre, nagpaimportante naman siya. Hindi nga niya binigyan ng ibang pagkain.

T. **E, di nagutom 'yung aso?**

S. Sa palagay ko. Pero alam mo ba ang ginawa niyon? Nag-uungol at hindi na umimik. At nang magtagal nga ay nagkatrangkaso ang lola ko. Inisip kong baka isinumpa siya ng aso na magkaroon ng trangkaso.

T. **Marahil, naghirap ka sa pag-aalaga sa lola mo, ano?**

S. Talagang-talaga. Ni hindi ako nakatulog sa magdamag. Araw-gabi, dumaraing na masakit ang mga buto niya.

T. **Ano naman ang ginagawa mo?**

S. May magagawa ba ako sa buto niya? Sinasabihan ko na lamang siya na huwag maggagalaw.

T. **Nawala ba naman ang pananakit ng buto niya?**

S. Nawala nga, pero sa tagal ng hindi niya paggalaw, kamuntik na siyang maging paralitiko. Kung hindi pa siya nakakita ng ipis ay hindi pa mapapalundag.

T. **Hintay, ano ba ang naging palatandaan mo at nahulaan mong trangkaso nga ang naging sakit ng lola mo?**

S. Isa na ang pananakit ng kanyang mga buto

T. **Ano pa?**

S. Ang matagal niyang lagnat.

T. **Ano pa uli?**

S. Ang pinakamainam na batayan: Kasabay niya halos ang buong baryo sa pagkakasakit...

T. **Ibig mong sabihin, nagkaroon ng epidemya sa baryo?**

S. Hindi lamang sa baryo. Sa mga siyudad man ay naging bantog din ang lekat na trangkaso.

T. **Paano mo nalaman 'yan?**

S. Dahil nga sa piniste na pala ng trangkaso ang lahat halos ng mamamayan. Di may narinig akong nagmungkahing tumawag daw ng ibang mga nars buhat sa Maynila... kasagut-sagot ng doktor ay dalawahan daw o tatluhan sa isang kama ang mga maysakit sa mga ospital sa lunsod.

T. **Di kung gayo'y lumakas ang propesyon ng mga doktor at ang pagbibili ng mga botika?**

S. Kailangan pa bang itanong iyan? Pero hindi na natin dapat pag-usapan ang bagay na iyan.

T. **Tungkol nga pala sa lola mo... gaanong katagal siyang naglubha?**

S. Hindi ko na matandaan. Wala akong iniintindi noon kundi ang mapabuti ang kalagayan ng lola ko. Pero wala ngang nangyari. At heto: iniwan akong nagdurusa sa pangungulila.

T. **Wala ka na bang kasamang iba sa bahay?**

S. Kaya nga ako tinawag na ulila, dahil nag-iisa ako, e.

T. **Makatuwiran nga palang isumpa mo ang trangkaso, ano?**

S. Siyempre. Walumpung taon ba namang nabuhay ang lola ko, tapos, paglalayuin kami ng trangkaso lamang? Aba!

*(Sundan sa pah. 20)*

# NAHAN... NAHAN SIYA...?

*Kuwento ni*
**Remedios Ramos-Poblete**

KAHIT maraming naggagagarang sapatos ang tumatapak sa akin ay napag-uukulan ko rin ng pansin ang isang naiibang pares ng sapatos na pudpod ang takong at nakanganga ang suwelas.

Kakaiba ang bigat niyon... waring may iniuusad na gamundong suliranin. Gayunman ay masiglang-masigla pa ring inilalakad iyon ng mga paang sumasayad na ang talampakan sa lupa.

Maraming kakaibang bagay ang napapansin ko sa may-ari ng sapatos na iyon. Kung umaga lamang mabilis ang mga hakbang na parang tumutugon sa isang naiinip.

Madalas na pinapasok ng mumunting bato ang guwang na suwelas kaya lalo pang napupunit ang sira nang medyas na nanlalagkit na sa pawis at libag. Nguni't hindi niya alumana iyon.

Tuwing hapon ay napupuna ko ring pasaludsod na ang paglakad ng mga paang iyon. Mabagal, halos hindi na maiusad. At ang ingit ng sirang sapatos ay waring hinaing ng isang kaluluwang nanlulupaypay sa kabiguan.

Kilalang-kilala ko ang mga paang iyon na tuwing umaga'y masiglang-masigla at tuSa pagdaraan ng mga umaga, mga tanghali at mga hapon ay patuloy sa pagkasira ang sapatos na iyon na halos hindi na makapagsanggalang sa mga paang may iginagapang na gadaigdig na dalahin at alalahanin sa buhay.

Kapansin-pansin din ang pangyayaring sa tuwing may nakakasabay siyang mga bago at magagarang sapatos ay nagsusumikap siyang mauna o kaya'y magpahuli.

Isang umaga ay namangha ako, halos mapasigaw ako sa pagbubunyi, nang mapuna kong bagung-bago ang mamahaling sapatos ng mga paang iyon. Wala na ring nakahihilong amoy at malinis na ang sutlang medyas na putingputi.

Pagkaraan pa ng ilang araw ay nalanghap kong mabangong-mabango ang may-ari ng bagong sapatos na iyon. Hindi na nakikipag-unahan sa magagarang sapatos at malugod nang nakikisabay.

Ilang buwan pa at iyon ay nagkaroon ng katambal... isang magara ring pares ng sapatos na mataas ang takong. Masaya na sa paglakad ang paang kilala ko samantalang kasabay ng malimis, mayumi at mahalimuyak na mga paa.


ay isang luksang sapatos na suot ng mga paang iyon na kilalang-kilala ko. Ikinamangha ko ang gayon.

Naghintay pa ako. Subali't napansin kong lubhang nawalan ng sigla ang mga paang iyon. Umaga't hapon ay parang binibilang ang mga hakbang. Mabigat ang iniuusad at parang hindi tiyak ang patutunguhan.

Maraming gabi't araw pa ang nagsilisan hanggang sa masalubong ng sapatos na iyon ang dating katambal na sapatos na malaon ding nawala. Saglit na huminto ang dalawa nang magkaharap. Nakarinig ako ng malakas na tagupak. At nagimbal ako nang mawalan ng panimbang ang sapatos na mataas ang takong at biglang umangat.

Kasunod ng paglagapak sa lupa ng may-ari ng sapatos na mataas ang takong ay biglang bumilis ang mga yabag na papalayo ng luksang sapatos. May mga luhang pumatak sa dibdib ko at narinig ko ang hikbi ng may-ari ng malinis at mahalimuyak na mga paa: "Wala akong kasalanan...! Wala...!"

Kinagabihan ay nagsasalabid ang mga paang kilala ko. Madalang ang mga hakbang



wing hapon naman ay patangpata sa hirap. Hindi ko maipagkakamali sa iba ang sukat ng mga hakbang niyon, ang mga yabag, ang amoy na likha ng nakulob na pawis at libag.

Sa dakong lampas na sa tanghaling tapat ay nagdaraan din ang mga paang iyon. Parang humihingal sa tindi ng init at tila dumaraing sa kumikirot na kalyo. Nguni, mapadaan man iyon sa lilim ay hindi ko nakitang namahinga kahi't saglit. Patuloy sa madusang paglakad.

Habag na habag ako sa mga paang iyon na napamahal na sa akin. Kung makakaya ko lamang ay nais kong gawing alpombra ang landas na kanyang nilalakaran, o kaya'y pagkalooban siya ng bagong sapatos.

Naging malimit na mula noon ang payapang paglakad ng dalawang pares na sapatos sa gitna ng liwanag ng buwan. Narinig ko na ang kanilang matamis na halakhak, ang mga pangungusap na lipos ng pag-asa at sigla, ang nakaliligayang mga pangako ng pag-ibig. Nagpatuloy iyon hanggang sa makita kong puti na ang sapatos ng mga paang dati ay lipakin.

Inakala kong ang susunod na pangyayari ay ang paglakad nang marahan ng dalawang pares na puting sapatos samantalang sinasabugan ng mga bulaklak ang kanilang daraanan. Subali't nabigo ang paniwala ko.

Ang napansin kong dumaan, isang umaga, pagkaraan ng kapanga-pangarap na mga gabi

nguni't malimit na sumasalisod sa lupa ang suwelas ng sapatos. Ilang saglit pa at nalugmok siya sa aking dibdib, humihingal, bubulung-bulong, samantalang nalalanghap ko ang singaw ng alak.


Iyon ang kahuli-hulihang sandali ng pagkakita ko sa kanya. Marami pang araw ang naghali-halili. Nguni't hindi ko napansing dumaan uli roon ang mga paang iyon na napamahal sa akin.

Nakadama ako ng pangungulila. Hinintay-hintay ko ang dating masiglang mga paang iyon na dumanas ng di matingkalang kapagalan. Subali't napagod na rin ang aking pagkainip.

Nagulantang ako, isang ha-

(*Sundan sa pah.* 19)

**"Nagulantang Ako, Isang Hapon, Nang Tumapak Sa Akin Ang Mga Sapatos Na Mahihinay Ang Hakbang At Karamiha'y Luksa. Hinanap Kong Pilit Sa Karamihan Ng Sapatos Na Nagsisidagan Sa Akin Ang Dating Kilala Ko, Subali't . . ."**



Si Pabling, sa piling ng yumao na ring Pangulong Ramon Magsaysay. Kuha ito sa Bagyo nang magpanayam ang mga kinatawan ng mga bansang kaanib sa SEATO.

**MAY mga pangyayaring mahiwaga sa ating buhay, mga pangyayaring kung hindi lamang naganap sa ati'y halos di natin mapaniniwalaan.**

Yaon ang buod ng isang aklat ng paham na Hudeo na di sinasadya'y nabasa ng isang manunulat na, naging mapanagumpay na awtor sa **Taunang Timpalak ng Palanca** — 1951-1952 — dahil sa hiwaga ng kanyang akdang KAHIWAGAAN, naging kagawad ng patnugutan ng **Liwayway** buhat nang taong 1953 hanggang sa nang abutin ng kapahamakan ang aeroplanong **Mt. Pinatubo.**

Yaon din, ang buod ding yaon, ang ipinambungad niyang talata sa kanyang kuwentong **Kahiwagaan** na nang ilathala nina G. Alejandro G. Abadilla sa kanilang aklat na **Ang Maikling Kathang Tagalog,** ang may-akda ng nasabing kuwento'y ipinakilala sa tatlong titik: PNB. Sa ibang turing: PABLO NUÑES BAUTISTA.

Kung isa sa bawa't sandaang tao ang di-pinagdaramutan ng katalagahan sa hinihiling nilang uri ng kanilang kamatayan, masasabing isa na si Pabling — si PNB — sa paisa-isa sa daan-daang taong may kanikamatayang kanyang hinihiling — biglaan.

Sa pagbagsak ng nasabing sasakyang siya ring kinalululanan ng yumaong Pangulong Magsaysay, ang iba't ibang sangay ng Tanggulang Bansa, maging ang mga mamamayang saklaw ng pook na inaakalang pinangyarihan ng malagim na sakuna, ay naging parang iisang tao sa paghahanap. Kailangan ang gayong puspusang paghahanap sapagka't napasimulan nang tuparin ng katalagahan ang kahilingang ukol sa kamatayan ng kanilang manunulat na isa sa mga sakay ng bumagsak na aeroplano. At matutupad ang kahilingang iyon kung ang magiging kamatayan ni Pabling ay isang madulang kamatayan, bagay na talagang siyang nangyari.

Sa wakas ay nasumpungan ang pook ng sakuna. Ang aeroplanong dati'y humahamak sa taas ng bundok na tinataglay niya ang pangalan, nang mga sandaling iyo'y labi na lamang ng isang sasakyang panghimpapawid. Parang isang dambuhalang manlilipad na pagkatapos mapagal sa mapalalong pagtunghay sa hinahamak na lupa ay naging higit pang hamak kaysa kanyang tinutunghan nang pasubsob siyang

# DALAWANG TALAMBUHAY

*Sinulat ni*
*Cresencio Ger. Clemente*

**"Masasabing Isa Na Si Pabling Sa Mga May Pangarap Na Wakas Na Pinairugan Ng Katalagahan . . ."**



kaniyang pangarap na wakas na pinairugan ng katalagahan. Sapagka't malimit niyang masabi kay Bb. Paz "Chit" Nicasio: "Ang gusto kong kamatayan ay iyong biglaan, madula, at kahindik-hindik."

Isa siya sa mga lulan ng aeroplanong **Mt. Pinatubo** nang bumagsak ang nasabing sasakyan sa Bundok Manungal sa Sebu. Kasabay ng pagkawasak ng sasakyan ang pagkadurog at pagkasunog ng halos lahat nang sakay. Noon naganap ang isa sa mga uri ng bumagsak.

Metal ang malaking bahaging bumubuo sa aeroplanong **Mt. Pinatubo.** Laman at buto lamang ang malaking bahagi ng mga sakay nito. Kalagimlagim ang naging wakas ng nasabing aeroplano. Kahindikhindik ang naging kamatayan ng mga sakay nito maliban kay G. Nestor Mata sa siyang tanging nabuhay.

Kay Bb. Nicasio malimit sabihin ng yumaong manunulat ang tungkol sa kanyang nai-

*(Sundan sa pah. 17)*

Ang buong pamilya nina Ginoo at Ginang Sicenando Bautista. Mapapansin ang ngiti ng pag-asa sa mga labi ni Pabling.

(Katapusang Labas)

MULA sa mga guho ng digma, ang Pilipinas ay unti-unting nakapagbangon at nakapagbagong-tatag. Sa bayang kinaroroonan nina Mang Karyas ay natayo ang magagandang bahay na ari ng mga nakasingil ng bayad-pinsala. Nagkaroon ng kalayaan ang Pilipinas. At mula rin sa mga guho ng digmang iyan nagbangon ang isang kilusan ng mga Pilipinong may makitid na pagkakilala sa pagkamakabayan. Isang kilusang makasarili, may simulaing komunista. Iyan ang Hukbalahap.

Ang mga Huk ay hindi lamang naging suliranin ng hukbo; nagdudulot din sila ng ligalig sa mga tahimik na mamamayan.

Bilang kawal na tagapangalaga ng katahimikan ng bayan, si Mario ay nagkaroon ng bahagi sa pagbaka sa kilusang iyan. Marami siyang kabayanihang nagawa, nguni't ang mga iyon ay masasabing hindi niya sinasadya kundi bunga lamang ng hinanakit na nagbinhi sa kanyang puso, ng masalimuot na damdaming humihingi ng paglaya sa kanyang katauhan.

Sa isang madugong labanan ay nakagawa si Mario ng isang kabayanihang naging sanhi ng pagkahulog ng isang malaking pangkat ng Huk sa lambat ng hukbo. Nguni't kinailangang isugod sa pinakamalapit na ospital ng hukbo si Mario sapagka't nagtamo siya ng isang malubhang kapinsalaan dahil sa pagsabog ng isang granadang inihagis ng mga kaaway.

Matagal na natigil sa ospital si Mario. Doon siya nagkaroon ng sapat na panahong dilidiliin ang mga nakaraang pangyayari sa kanyang buhay. Dinalaw siya ng matataas na puno ng hukbo. Dinalaw rin siya ng Pangulo ng bansa. Lahat sila'y pumupuri sa kanya dahil sa kanyang mga kabayanihan.

ISANG hapon, isang lalaki ang lumunsad sa tren sa himpilan sa Pinaglabanan. Nakakaki siya, may bitbit na bag na canvas. Putol ang kaliwa niyang paa at tinutulungan siya sa paglakad ng isang muletang nakasalaklak sa kanyang kaliwang kilikili. Malalim ang kunot sa kanyang mukhang bagama't hindi pa kagulangan ay naglalarawan naman ng mapapait na karanasan at siyang nagbibigay sa kanya ng anyong matanda nang limang taon kaysa tunay niyang gulang.

Tumawag ng karitela ang lalaki.


—Sa Kulyaw, —ang utos niya sa kutsero matapos makaupo sa loob ng karitela.

**"Hindi Ipinagwalang-bahala Ng Pinaglabanan Ang Paglilingkod Na Ginawa Ni Mario Sa Bayan . . ."**

# Sa Ibabaw ng Gulod



nobela ni MODESTO B. MANZANARES



Pagkaraan ng mahigit na kalahating oras na mabagal na pagtakbo ng kabayo, ipinatigil ng lalaki ang karitela sa tapat ng isang makitid na landas na umaakyat sa isang gulod na kinatitirikan ng isang dampa. Pagkapagbayad sa kutsero ay umibis ang lalaki. Tutulungan sana siya ng kutsero nang makitang nahihirapan sa pagpanaog, nguni't umiling ang lalaki. Iniabot na lamang sa kanya ng kutsero ang kanyang bag.

Tinalunton ng lalaki ang landas na patungo sa gulod. Sandali siyang huminto sa paanan ng gulod at sinipat niya ang maliit na dampang nakatirik sa itaas. Isang buntunghininga ang nahugot sa kanyang dibdib, saka siya umakyat sa gulod.

Tumigil ang lalaki sa makapasok ng tarangkahan ng dampa. Nakita siya ng magandang babaing nagwawalis sa harapan ng bahay. Umunat iyon sa pagkakatungo at nagkatitigan sila.

—Mario, —ang bahagya nang nulas sa bibig ng babae. May luhang nangilid sa mga mata nito at tumatakbong pumanhik ng bahay. Mayamaya'y nananaog na sina Fred, Victor, at Aling Inggay. Kasunod nila ang magandang babae, si Linda.

Umiiyak na niyakap ni Aling Inggay ang anak.

—Bakit ka nagkaganyan? —ang nababagbag na tanong ni Aling Inggay nang ganap na mapagmasdan ang kaanyuan ni Mario.

Hindi kumibo si Mario. Isaisa niyang niyakap ang mga kapatid. Nang tumingala siya ay nakita niyang nakadungaw sa bintana si Mang Karyas. Hindi na iyon nanaog. May pinsala rin ang paa ng kanyang ama, katulad niya!

Humalik ng kamay si Mario sa ama pagkapanhik niya. Pinangingiliran ng luhang ginawaran ni Mang Karyas ng bendisyon ang kanyang anak.

—Hindi mo man lamang isinulat sa amin... ang sinapit mong iyan... —wika ni Aling Inggay... —Kay-tagal mong hindi sumulat.

Nangulimlim ang mukha ni Mario.

—E, paano... labas ka na ba sa armi nang tayong iyan? —tanong ni Mang Karyas.

—Oho. Pero bibigyan naman ako ng pensiyon buwan-buwan. —Mapait ang ngiting sumungaw sa mga labi ni Mario.

Napatitig si Mario sa mga kaharap. Parang hinihintay niyang sisihin siya ng mga iyon dahil sa sinapit niya. Nguni't wala siyang makita sa mukha ni marinig na paninisi ng mga iyon. At napabuntunghininga na lamang siya.

—Ikinararangal kita, Mario, —ang mayamaya'y nasabi ni Mang Karyas. —Kahit hindi mo sabihin, batid kong ang tinamo mong kapansanan ay dahil sa paglilingkod sa bayan.

Parang may humalang sa dibdib ni Mario. Nagunita niya ang sinabi ng kanyang mga punong nagsidalaw sa kanya sa ospital. Ikinararangal din siya ng mga iyon.

MATAGAL bago nakatulog kinagabihan ang mag-anak. Maraming itinatanong sina Fred at Victor kay Mario, at pinagbibigyan niya ang mga iyon. Isinalaysay niya ang kanyang mga karanasan sa pakikilaban sa mga Huk.

—Kami ang may kasalanan kaya ka natutong umalis, —ang wika ni Aling Inggay sa basag na tinig, at ibinalita nito ang nangyari kay Sela.

—Hindi ko kayo sinisisi ng Itay, —ang nasabi na lamang ni Mario. —Kahit naman hindi nangyari ang gayon, siguro'y maiisipan ko rin ang umalis dito. Ewan ko nga ba kung

(Sundan sa pah. 17)

## Ito Ang Istorya...

ni YOYONG FLORENCIO



# At Nakaligtas Si Ba Indong...

TAONG mil-nuwebe-siyentos-treynta'y-siyete (1937). Sa kabilang ilog, sa pastulang talahiban. Gabi. Umuulan! (H'wag kayo, hindi basta ulan!) Bumabaha na! Apaw na ang ilog! Doon inabot ng **dilubyo** (ayon sa kanila) ang pangkat ni Ba Indong. (Si Ba Indong ang pinakamatanda sa kanilang magkakasama.)

Sa pagpapastol ay hindi inalintana ng pangkat ni Ba Indong ang malakas na ulan. At nang magsisitawid sila sa ilog upang magsiuwi ay saka lamang nila nalamang pantaytumana na ang tubig. Hindi nila napangahasang patawirin ang kani-kanilang mga kalabaw sa mabilis, malakas at (ayon pa rin sa kanila'y) naniningasing na agos.

Lahat sila'y nakatanaw sa palaki nang palaking ilog. Hinihintay nilang lumiit-liit ang tubig. Kanya-kanyang arte ng mukha. May natatakot na. May natutuwa pa. At may natatakot na natutuwa pa.

Nguni't mag-likasiyam na ng gabi ay patuloy pa ring lumalaki ang tubig. Patuloy na naniningasing ang agos. Parang sinasabi (ayon — na naman — sa kanila): **Subukin n'yong magsitawid at nang manga-d'yaski kayo!**

Manaka-naka ang pag-imik nina Ba Indong. Lahat sila'y nag-iisip ng paraan upang makatawid sa ilog at nang makauwi na. Kasalukuyang naghahari ang katahimikan sa kanila nang umusap si Itoy. Nakatanaw si Itoy sa kabilang-ilog, sa kabayanan. Nagpapahiwatig nang masidhing pagkainip ang kanyang mukha.

—Ano kaya'ng lumabas sa h'weteng ngayong gabi? —aniya. —Ang laki pa naman ng naitaya ko ngayon, a.

Iglap na nawala ang takot sa mukha ni Ba Indong. Ibinuga ang nginangatang hitso at pasulimpat na tinitigan si Itoy. Walang kamalay-malay si Itoy sa ginawi ni Ba Indong. Buong pagkainip pa ring nakatanaw si Itoy sa kabayanan nang magsalita si Ba Indong.

—Ba't sa 'min mo itatanong? —galit na tukoy kay Itoy.

Nagtatakang napatingin si Itoy kay Ba Indong, pagkatapos ay sa iba pa nilang kasama.

—Hindi mo ba nakikita at nasa bingit na tayo ng kamatayan? —pasigaw nang sabi ni Ba Indong kay Itoy. —Baka ang akala mo'y biru-birong baha 'yan. 'Kala mo ba'y makauuwi pa tayo? H'weteng pa rin ang iniintindi mo.

Hindi na kumibo si Itoy. Parang noon lamang inalihan ng takot, may pagkapahiyang napatungo na lamang at nahaplus-haplos ang gulugod ng kanyang kalakian.

—Kung tumawid na kaya tayo, Ba Indong? —nasabi ni Uman kapagkuwan. —Kung hihintayin hu nating lumiit ang tubig ay baka mangagutom tayo rito.

Hindi kumibo si Ba Indong. Nakabadha pa rin sa mukha ang pagkayamot sa narinig kanina kay Itoy.

—Saka, baka hu lumaki pa nang lumaki ang baha at umahon sa kabayanan, —basag na ang boses na katig ni Berong kay Uman. —Mahirap hu para sa mga kasama namin sa bahay ang abutin ng baha nang wala kami sa piling nila.

Anupa't lahat ay tila nasisiraan na ng loob. Nguni't kung natatakot man sila'y lalo't lalo si Ba Indong. Higit na malaki ang dahilang matakot si Ba Indong sa sandaling umahon sa bayan ang tubig.

Nag-iisang namumuhay si Ba Indong. At sa kanilang magkakasama ngayon ay siya ang may pinakamarami o pinakamahalagang kabuhayang masasalanta. May alaga siyang siyam na "litsunin" nang baboy. May ilang daang manok at punuan ang tatlong bangan ng palay sa kanyang silong. At sino ang nakaaalam? Baka may mga laman ding barya ang bawa't bias ng haliging kawayan ng malaki-laki rin namang bahay ni Ba Indong.

—Ang hirap nga lamang ay talagang hindi tayo pup'wedeng tumawid, —naiimik ni Ba Indong. —Talagang mangadidiyaske tayo pag nagkataon. Kung 'tong mga kalabaw natin, hindi makatatawid d'yan, e.

—Pano't pa'no man hu, Ba Indong, ay makatatawid hu seguro tayo d'yan, —naikatlo ni Turo. —'Yon nga lamang ho, baka malayo na ang sadsaran natin sa kabilang pampang. Baka sa susunod na baryo na tayo sumadsad.

—H'wag mong sabihing lalanguyin natin 'yan, —nabiglang sabad ni Karyo, ang pinakabata at tanging binata sa pangkat ni Ba Indong. Naituro pa ni Karyo ang nagngangalit na agos ng ilog sa kabiglaanan. —Hindi na! Hindi na! Magpapakagutom na 'ko rito. Hindi na ako uuwi!

Walang tumugon kay Karyo. Muling natahimik ang lahat. Mga walang imik at malulungkot na parang iisang napatanaw na muli sa rumaragasang agos ng ilog na ngayo'y apaw na apaw na.

ILANG SANDALI pa'y sumampa na nga sa tumana ang tubig. Palapit nang palapit sa kinatutuntungan ng kinasasakyan nilang mga kalabaw.

—Pa'no hu 'to? —untag ni Berong kay Ba Indong. —Lumalaki ang tubig ay hindi lumiliit. Tiyak na mayamaya pa'y nasa bayan na 'yan para sirain ang mga bahay natin.

—Siyanga, Ba Indong, —mangiyak-ngiyak na si Turo, —kung mangamamatay hu tayong lahat, e... mabuti na hu seguro 'yong sama-sama. Kailangang magsitawid na tayo.

Matagal pa munang hindi nagsalita si Ba Indong. Nag-isip. Pagkatapos ay nagmamadaling bumaba sa kanyang baguntao. —Sige magsisibaba kayo r'yan at tena sa kubo ni Pareng Huwan sa gulod. May nakita ako roong ilang buho. Gagawa tayo ng balsa at... bahala na. Sige, tena...

SA KUBO na'ng Pareng Huwan ni Ba Indong ginawa nila ang balsang buho. Hatinggabi na nang madala nila iyon sa tabi ng ilog.

—Pa'nong mga kalabaw natin? —ani Turo nang nagsisisakay na sila sa binalsang mga buho.

—Bayaan na muna ninyong mangakawala d'yan. Kung lumubog pati'ng talahiban e, malas nila't malas din natin, —ani Ba Indong.

At ipinagitna nga ang balsa. Para iyong bangka-bangkaang papel na inihagis sa mabilis na agos ng isang kanal.

Nang maluwatan ay napatunayan ng magkakasama ni Ba Indong na hindi man lamang pumapagitna ang balsa upang makatawid. Natigatig na sila. Malayo na sila sa kabayanan. At nakalampas na sila ng susunod na baryo.

—Ba Indong... Ba Indong! —pasigaw na sabi ni Turo. —Nalalayo yata tayo nang nalalayo, e, hindi pa rin tayo makatatawid. Baka kung sa'n tayo makarating nito.

Nguni't sa halip na sumagot ay biglang tumalon sa tubig si Ba Indong. —Magsilangoy na kayo. Masama'ng mangyayari! —ang pasigaw ding sabi nang nasa tubig na.

Nataranta ang ibang kasama ni Ba Indong. Hindi nauunawaan kung bakit biglang gumawa ng ganoon si Ba Indong, nangalilitong nagsitalon na rin sa tubig. At bago sila nakatalong lahat ay nagkahiwahiwalay na ang binalsang mga buho.

Sa una'y magkakapanabay sila sa paglangoy. Nguni't habang lumalaon ay naiiwan nang naiiwan ang mahihina. At sa kalaun-launan ay si Ba Indong ang napag-iwan nang husto.

Nagpatuloy si Ba Indong sa paglangoy. Higit kanina'y ngayon siya nakadama ng gayong pagkatakot. Sa pakiramdam niya'y nag-iisa na siyang lumalangoy sa malakas na agos sa gitna ng dilim, sa gitna ng malakas na ulan, sa bingit ng nagbabantang kamatayan!

MAG-UUMAGA na'y lumalangoy pa rin si Ba Indong. Pinagtakhan niya kung paano siya nakalangoy nang gayong katagal. Hapung-hapo na siya. Parang wala na siyang lakas. Nakahanda man sa kamatayan ang kanyang kalooban ay hindi niya napigil ang pagtagaktak ng kanyang luha. Napalimit ang pagkakasambit niya ng **Diyos ko po.** Dumami ang pangalan ng mga santo sa kanyang pagdarasal. Lahat yata ng pangalan ng santong natatandaan niya ay nasambit niya habang buong paghihirap na lumalangoy.

Langoy. Langoy at langoy pa rin si Ba Indong. Totohanan nang umiiyak siya. Malakas na ang pagdarasal niya. Langoy... langoy... langoy ... At nang hindi na makatagal ay napahagulgol na. Tumigil na sa paglangoy si Ba Indong. Humanda na sa kamatayan.

At magdidilim na sana ang lahat kay Ba Indong nang biglang makarinig siya ng malalakas na tawanan. Napamulagat siya. Nang ilibot niya ang kanyang tingin ay nakita niya sina Berong, Turo, Karyo, Uman at ang iba pa niyang mga kasama. Nagkakatuwaang nangakatayong nakapaligid sa kanya. Saka lamang naunawaan ni Ba Indong ang lahat ... langoy pala siya nang langoy ay hahanggang tuhod na lamang ang tubig na kinaroroonan niya! (X)

# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.



**"Iginigiit Ni Maria Luisa Na Paalisin Ni Rafael Ang Bata. Nag-aalinlangan Naman Si Rafael, Ngunit . . ."**

(Ika-3 Labas)

NAKABIGLA kay Rafael ang sinabi ni Maria Luisa. Palayasin... itaboy si Tinoy. Hindi iyon ang hinihintay niyang marinig mula sa mga labi ng kasintahan.

Ang hinahangaan niya kay Maria Luisa ay ang pagkakawanggawa nito sa mga kawawang nilikha. Masikap ito sa kilusan ng pagtulong sa mahihirap. At ang inaasahan pa ni Rafael ay ang mapuri siya ng dalaga dahil sa pagdamay niya sa isang batang walang bubong na masilungan.

—Hindi ko siya maitataboy, Maria Luisa, —nasambit ni Rafael. —Kawawa naman siya na magpalabuy-laboy sa lansangan.

—Maraming talaga ang mga batang lumalaboy sa lansangan, at kung magsisimula ka ng pagkakawanggawa sa pamumulot ng mga batang katulad niya ay mapupuno ang bahay mong ito at wala kang mapagsisidlan.

—Ano ngayon ang gagawin ko?

—Paalisin mo siya. Pabayaan mong umuwi siya kung saan siya nanggaling.

—Ipinasok daw siyang alila ng kanyang lola at sa kaunting pagkabiso lang daw niya'y ginugulpi siya ng kanyang panginoon.

—Ano ang magagawa mo? Baka talagang salbahe siya... at talaga namang maraming salbahing bata. Pabayaan mo siyang magbalik sa pinaglilingkuran niya.

—Mukhang mabait naman si Tinoy, Maria Luisa.

—Huwag kang masyadong patatangay sa iyong mabuting damdamin, Rafael, —at nagtawa si Maria Luisa at humawak sa isang bisig ng binata.

—Ihatid mo na ako sa bahay ...akala ko ba'y kung ano ang sinasabi mong napulot mo!

Nilisan nila ang silid. Nagkakamot ng ulo si Rafael. Pagkabigo ng sarili niya ang kanyang nadarama —pagkabigo sa inaakala niyang mabuting bagay na kanyang ginawa.

—Alam mo, Rafael, ang pagkakawanggawa ay nangangailangan din ng pag-iingat at talino, —wika ni Maria Luisa habang lumalakad sila na patungo sa kinahihintuan ng auto ng binata, —sapagka't ang kabutihan ay madalas na sinasamantala ng mga tamad at talagang ayaw magsipagtrabaho. At mag-iingat ka pa rin sa pagpapatuloy mo ng kahit sino sa iyong bahay. Hindi ako magtataka na kapag umalis at sukat ang batang napulot mo, ay makita mo namang may nawawalang bagay sa bahay mo...

—Hindi naman siguro gagawin ni Tinoy iyon.

—Marami na akong karanasan tungkol sa bagay na iyan.

—Parang nagugulo ang isip ko.

—Paalisin mo siya, —pawalang-bahalang wika ni Maria Luisa. —Iyan ang pinakamabuting iyong magagawa, at paniwalaan mong hindi mo magiging kasalanan na gawin mo iyan.

—Tila hindi ko magagawang paalisin siya na may sakit.

—Pag galing niya'y paalisin mo, —ani Maria Luisa. —Tila nag-aalinlangan ka sa sinasabi ko sa iyo... Para maniwala ka sa akin ay subukin mo lang na magsiyasat ka. Hanapin mo lang iyong sinasabi niyang lola at iyong lalaking pinagpaalilaan sa kanya... at may kutob ang loob ko na hindi totoo ang lahat.

Nagdaan pa muna sina Rafael at Maria Luisa sa isang restauran. Kumain sila. Kahit sa pagkain nila'y ang bata pa rin ang kanilang pinag-uusapan.

Iginigiit ni Maria Luisa na paalisin ni Rafael ang bata. Nag-aalinlangan naman ang diwa ni Rafael. Tumututol ang kanyang puso. Nguni't sa loob-loob niya'y sinasabi rin niyang maaaring may katwiran si Maria Luisa.

Isang katotohanang hindi niya mapasubalian na maraming karanasan si Maria Luisa sa mga bagay na iyan. Alam ni Maria Luisa ang sinasabi at ginagawa.

—Pabayaan mo at paalisin ko siya.... paggaling niya, — sa wakas ay ipinasya ni Rafael.

Ngumiti si Maria Luisa.

Kahit gayon ang naging pasya ni Rafael, ay tila hindi rin lubos na nakapanaig sa kanya ang tigas ng puso. Nang maihatid na niya si Maria Luisa, sa pag-uwi niya, ay itinigil ang kanyang auto sa tapat ng isang tindahan ng mga damit.

Pumasok siya sa tindahan. Lumapit siya sa isang tindera roon.

—Kailangan ko, Miss, ay kamiseta, pantalong at poloshirt para sa isang batang may walong taon, —sabi ni Rafael sa magandang tindera.

—Para sa anak ninyo yata, —anang tindera at ngumiti kay Rafael.

—Hindi po... sa kapatid ko po.

Nang makapamili si Rafael sa mga kamiseta, pantalon at polo shirt, ay kumuha siya ng tig-aanim.

NAKASANDIG si Tinoy sa ulunan ng kama nang pumasok ng silid si Rafael. Dala niyang na sa mga kahon ang pinamili.

—Ano, Tinoy, magaling ka na ba? —ani Rafael at ibinaba niya ang mga kahon sa kandungan ni Tinoy.

—Magaling na po, —ani Tinoy na sa mga kahon nakatingin.

—Binili ko ang mga iyan para sa iyo, Tinoy. Buksan mo at tingnan mo...

Nakikimi si Tinoy. Bagaman kasabikan ang nakapaghahari sa kanyang puso, hindi rin napangahasang buksan ang mga kahon.

Naupo si Rafael sa bingit ng kama at siya na ang nagbukas sa tatlong kahon.

—Ang mga iyan ay sa iyo, Tinoy, —sabi ni Rafael na naliligayahan ang kanyang puso.

Iniladlad na isa-isa ni Rafael ang kanyang pinamili.

—Magaganda ba, Tinoy? Gusto mo ba?

Hindi nakasagot ang bata. Nakita na lamang ni Rafael na nanginig ang mga labi nito. Napaiyak si Tinoy.

—Ba, Tinoy, bakit ka umiiyak? —at pinisil ni Rafael sa isang balikat ang bata.

Biglang hinawakan ni Tinoy ang kamay ni Rafael at hinagkan. Nawalan ng loob si Rafael. Nadama niyang iyon ay pagpapasalamat sa kanya ng bata.

Dalawang araw ang nakaraan. Magaling na si Tinoy.


*(Sundan sa pah 20)*

# Mag-MADYIK Tayo

ni BA' ARVO

## MASUNURING SINGSING

SA HARAP ng inyong mga kakilala, magpakita kayo ng isang singsing at sabihing ito ay masunurin sa inyo. Hindi sila maniniwala, nguni't kayo'y maaaring magpumilit. Ang kailangan lamang ninyo ay isang pising may dalawang talampakan ang haba at isang singsing. Itali ang magkabilang dulo ng pisi sa dalawang ninyong galang (wrist), ipakita nang hawak-hawak ang singsing, tumalikod at sa pagharap ninyong muli ay mapatutotohanan na ninyong "nautusan" ninyong matali ang singsing sa pising nakatali sa inyong mga kamay.




Ganito ang inyong gawin:

I. Itali nang papulupot ang magkabilang dulo ng pisi sa dalawa ninyong galang. Ipakita ito sa mga kaharap na hawak ang singsing sa isang kamay.

II. Sa inyong pagtalikod, lumikha ng silo sa pisi. Ipasok ito sa singsing.

III. Ang silong nakapaloob sa singsing ay maaaring hawakan ng inyong kanang kamay. Isungkit ito sa pising nakapulupot sa kaliwang galang. Sa ilalim paraanin ang silo.

IV. Hugutin ang silo sa kaliwang galang at isuklob ito sa kaliwang kamay.

V. Isungkit naman ang silo sa ilalim ng pisi sa likod ng kaliwang galang.

VI. Ilabas ang silo sa pamamagitan ng pagpaparaan ditong muli sa ibabaw ng mga daliri. Ilagay ninyo sa dating kaayusan ang pisi (yaong halos ay hindi nagalaw) at pagkatapos ay humarap na sa inyong mga "pinagmimilagruhan". Ang singsing ay nakatali na sa pisi nang hindi naaalis ang buhol sa inyong mga kamay.

Ang madalas na pagsasanay sa "madyik" na ito ay lalong magpapahanga sa inyong mga kaharap, lalo't magiging napakabilis ng pagsasagawa.

*(Susunod: Ang Barahang Miserable)*

## Nahan...

*(Buhat sa pah. 13)*

pon, nang tumapak sa akin ang daan-daang sapatos na mahinay ang hakbang at karamihan ay luksa. Hinanap kong pilit sa karamihan ng sapatos na nagsisidagan sa akin ang dating kilala ko. Subali't wala...!

Malungkot ang tugtuging naulinigan ko samantalang nagsisilakad ang mga sapatos na iyon na waring nagsisipanalangin. May apat na gulong ding tumahak sa dibdib ko. Gulong iyon ng itim na awtong hindi ko nakikilala.

Naroon kaya ang aking hinahanap? Paulit-ulit kong naitanong sa sarili, nguni't ako na rin ang nagpapahindi. Nalalaman kong mahilig sa paglalakad ang mga paang kilala ko.

Marami akong narinig na malulungkot na kuwentuhan **Kawawa naman siya,** sabi ng tinig ng isang matandang babae. **Labis niyang dinamdam ang pag-aasawa ng kasintahan niya. Oo nga,** tugon naman ng isa. **Pero hindi rin naman masisisi ang babae. Ginipit siya ng kontrabida kaya tuloy napilitang pakasal kahit sa hindi gusto.**

Sumapit ang gabi pagkaraan ng hapong iyon. Tahimik na tahimik nguni't para sa akin ay walang kapayapaan. Malamlam ang sinag ng buwan. Mapanglaw na lubha ang anyo ko.

Naramdaman ko ang lamig ng hamog na dumarampi sa akin.

Patuloy kong hinihintay-hintay ang sapatos na datirati'y parang nananaginip na lumalakad kung gayong pagkakataon na sinasabayan ng sapatos na mataas ang takong.

Tumindi ang aking pangungulila. Nanlupaypay ang aking napagal na pananabik. Tinitigan ko nang matagal ang langit habang nagtatanong ang abang sarili...

"Nahan... Nahan kaya siya?"

Dumampi sa pisngi ko ang halumigmig na hanging panggabi at tila lumuluhang bumulong...

"Wala na... wala na ang iyong hinihintay... hindi na siya daraan uli rito!"

Nagulumihanan ako.

Naramdaman kong lalong lumamig ang hanging galing sa Hilaga. Nagpatuloy ito sa malungkot na pagbulong...

"Wala na... wala na siya ... inihatid na kangina ng daan-daang sapatos!"

"Saan...?" nausal kong nanggigipuspos.

"Sa sinapupunan ng libong hiwaga... sa kandungan ng katiwasayan... Lubusan na siyang sasanib sa iyo, sa akin, at sa tubig na dumidilig ngayon sa iyo."

Nagkubli ang buwan sa likod ng maitim na ulap, lumatag ang pusikit na karimlan, pumatak ang ulan, at naramdaman kong lumamig nang lubusan ang dibdib kong pinainit ng katanghaliang nagdaan.

Muli kong nadama ang napakalamig na halik ng nangangatal at halumigmig na hanging buhat sa Hilaga.

Napansin kong napakapanglaw ng gabi. Tahimik na tahimik. At sa wakas ay naramdaman ko rin ang ganap na kapayapaang tinatamasa ngayon ng may-ari ng sapatos na iyon na kilalang-kilala ko. (X)

—oOo—

## Sa Ibabaw Ng Gulod

*(Buhat sa pah. 17)*

ligaya, ng kanyang tila paghahanap ng isang bagay na nawawala sa kanyang katauhan, ay hindi maipaliwanag, hindi maabot ng kanyang pangunawa.

Ngayon ay hinahanap ni Mario sa kanyang sarili ang maaari niyang itugon kay Linda. Nadama niyang buhat nang siya'y makauwi ay hindi na niya hinahanap ang dating magulong barkada, hindi na niya naisip magsugal at maglimayon. Kung kanyang wariin ay tila nasisiyahan na siya sapagka't wala na ang paghahanap sa isang bagay na hindi naman niya malaman kung ano. Sa kabila ng pangyayaring may kapansanan siya, nakadarama siya ng isang kaganapan sa ubod ng kanyang sarili. Iyon kaya ang katugunan sa tanong ni Linda? Marahil ay kailangan lamang niya ang mapahalagahan ang kanyang sarili, ang makadama ng kalakasan — at ang bagay na iyon ay hindi naidulot ng kapaligirang ginalawan niya mula pa sa kamusmusan. Ngayon, ngayon nga lamang naidulot sa kanya iyon. At iyon ay tila isang balsamong lumulunas sa lahat ng karamdaman niyang pangkatauhan. Ang pagpapahalagang nadama niya sa kanyang mga puso sa hukbo, ang pagmamalaking nasasaksihan niya sa kanyang ama dahil sa kanyang pagbabalik na isang bayani, ang kanpapahalaga sa kanya ng kanyang mga kanayon, ang pagibig ni Linda na kinadaramahan niya ng isang mahiwagang kalakasan — iyon lamang ang kailangan ng kanyang katauhan upang maalis ang mga pangit na baging na bumibidbid dito. At naliligayahang napabuntunghininga si Mario.

—Maligaya ako, Linda... maligayang-maligaya... sa piling mo...

Humilig si Linda sa dibdib ni Mario. At sa kauna-unahang pagkakataon, nadama ni Ma-

no na ang kanyang sarili'y parang nakatayo sa ibabaw ng gulod — makapangyarihan, malakas, pinanununghan niya sa ibaba ang mga pangit na guho ng kanyang dating katauhan, at batid niyang nakalaya na siya roon...

(WAKAS)

——oOo——

## Ulilang...

(*Buhat sa pah.* 18)

Nguni't ang balak ni Rafael na sabihin kay Tinoy na umalis na ito ay hindi niya masabi-sabi. Hindi siya magkaroon ng lakas ng loob.

Nang umagang iyon ay nagising si Rafael at nakita niyang pinakikintab ni Tinoy ang kanyang mga sapatos na hindi niya maalalang punasan. At nang siya'y maligo, si Tinoy ay kasunod niya sa banyo at dala ang tuwalya at ang mga damit-panloob na bibihisin niya.

—Bayaan mo na, Tinoy. Ako na ang bahala sa aking sarili.

—Ako na po ang alila ninyo, —sabi ni Tinoy.

Napatawa nang malakas si Rafael. Ginulo niya ang buhok ni Tinoy.

—Wala akong alila, Tinoy, —ani Rafael. —At hindi ako magkakaroon ng alila.

—Bakit po?

—Wala, ayoko lamang ng alila.

—Bakit po iyong ibang tao ... gusto nila ang alila. Mayaman naman kayo... mayaman pa kayo kay Mang Tomas...

—Sinong Mang Tomas?

—'Yon pong inutangan ng lola ko... ako po, kung tawagin ni Mang Tomas ay alila niya.

—Nasabi mo na nga sa akin ang pangalang iyan, —ani Rafael. —Pero hindi ako mayaman, Tinoy.

—Mayaman kayo... maganda ang bahay ninyo at may auto pa kayo...

Nagtawa si Rafael.

—Hindi pa rin ako mayaman, at saka talagang ayokong magkaroon ng alila.

—Bakit po ayaw kayo? — at nalungkot si Tinoy. Nakatitig si Tinoy sa mukha ni Rafael. —Ayaw kayong maging alila ako?

—Hindi, Tinoy, hindi sa ayoko... —ani Rafael na napilitang magpaliwanag. —Ako ma'y ulila rin... halos kasinlaki mo rin ako nang maulila. Nguni't ako'y hindi naging alila. May isang mabuting taong umampon sa akin... —at hindi na itinuloy ni Rafael ang sasabihin. Muli niyang ginulo ang buhok ni Tinoy. —Maliligo na ako... tanghali na ako!

Ika-siyam na ng umaga. Nakabihis na si Rafael at palakad na siya patungo sa kanyang opisina. Kumuliling ang telepono. Sinagot ni Rafael, at si Maria Luisa ang tumatawag sa kanya.

Ibinalita ni Maria Luisa na patungo siya sa Sebu upang tumulong sa mahihirap na nasunugan doon. Tatagal doon si Maria Luisa ng mga tatlong araw.

—Maalaala ko pala, Rafael, —wika pa ni Maria Luisa. — Magaling na ba ang batang napulot mo?

—Oo, magaling na siya.

—E, bakit hindi mo pa siya paalisin? Ano pa ang hinihintay mo?

Hindi nakasagot si Rafael.

—Bigyan mo lamang ng kaunting kuwalta at pabayaan mo nang umalis, —sabi pa ni Maria Luisa.

(ITUTULOY)

——oOo——

## Pakikipanayam

(*Buhat sa pah.* 12)

T. **Walumpung taon? Baka hindi trangkaso ang ikinamatay ng lola mo, kundi katandaan?**

S. Ke katandaan siya, ke ano ... ang trangkaso ang nagpahirap sa kanya.

T. **Talagang galit ka sa trangkaso, ha?**

S. Katulad ng alam kong pagkagalit ng buong baryo, at ng buong bansa. Nakikisama ako sa kanila.

T. **Kailan kaya hihinto ang pagkagalit mo?**

S. Sa palagay ko'y hindi na. Habang lumilipas ang mga araw ay lalo lamang akong nagngingitngit. Pwe... uhu.

T. **O, bakit?**

S. Wala. Medyo inuubo lamang ako. (Ubo... Ubo...)

T. **Masama na iyan, a?**

S. Basta galit ako sa trangkaso. Diyan ka na, ha. Tila ibig manghina ng katawan ko.

T. **Sabi mo'y ikaw ang nag-alaga nang matagal sa lola mo?**

S. Oo. Hmmm. Parang masakit ang mga buto ko.

T. **At iisang kasangkapan ang inyong kinakanan, iisang baso ang inyong iniinuman, iisang banig ang inyong hinihigan?**

S. Tama. Diyan ka na't parang nanlalata ako.

T. **Isinusumpa mo pa rin ang trangkaso?**

S. Habang nabubuhay ako. Aray! Aray... ang sakit-sakit ng mga buto ko... sinisipon ako... umiinit ang katawan ko...

T. **Hayan... inaatake ka na rin ng trangkaso! Galit ka sa kanya, e. Sigi magpagamot ka na bago ka lubusang matodas!**

S. Oo... oo. Uhmpm... Maiwan na kita.

## Sa Liwanag ng ILAW

ni Eri. C. Agleham

### *antipolo*

*paglalamanin ka sa aking pangarap*
*—hindi sa "ngayon" mo... kundi sa "lumipas"—*
*noong ikaw'y isang marikit na pugad*
*na nakasalalay sa pusong busilak.*

*noong ikaw'y di pa nagbabagong-bihis,*
*bulaklak ng labing "hulog ka ng langit";*
*noong walang di ka nakuhang manalig*
*sa iwing himala ng bubog mong batis.*

*noon, sa bahagyang ang langit lumuha,*
*ang mga landas mo ay nananariwa—*
*hindi makaiwas tuloy ang sanghaya,*
*angatin ang sayang sasayad sa lupa.*

*noon, walang punong di-hitik sa bungang*
*nakapagbubuyo sa pagkakasala;*
*sa "kandila kayo" ng isang tindera,*
*di-makapa-hindi ang namamanata.*

*noon, ikaw'y higit na masalamisim,*
*humahalimuyak sa aking paggiliw;*
*noon, ang awit kong sa iyo'y ihain,*
*sing-haba ng dasal ng sintang kapiling.*

## Buhat Sa Mga...

(*Buhat sa pah. 4*)

kilalang magnanakaw nang kanilang pasukin ang silid na kinalalagyan ng mga bagay tungkol sa relihiyon kahapong mag-iika-7:00 ng umaga sa Estrada, Malate."

*Sa anong Iglesia ka kasapi, Kasama?*

*4 NA KUMPANYA LABAN SA TULISAN SA SULU*

"Magtatatag ang Kampo Crame ng tanging pangkat ng Konstabularya na binubuo ng apat na kumpanya na itatalagang palagian sa pulo ng Sulu bilang kapalit ng ika-25 BCT kaugnay ng kilusan laban sa panunulisan...

"...Sinabi ni Ten. Hen. Alfonso Arellano, puno ng Hukbong Sandatahan, na apat na pangkat na lamang ng mga tulisan ang kumikilos sa Sulu..."

*Kung pakahig lamang ang buntot ng kumetang naglilitaw kamakailan ay maaaring sabihing magkakagiyera-sibil sa Pilipinas. Ano ito, apat na kumpanya ng PC laban sa apat na kumpanya ng mga tulisang markang Sulu? Masama ito. Nguni't may alam kaming remedyo: kapag nahuli na ang mga tulisang Moro, sila naman ang gawing PC at tiyak na wala nang mangangahas magmana kay Hadji Kamlon.*

*PULITIKA! PULITIKA!*

" 'Sinalakay' ni Gng. Aurora Recto... ang pamilihang-bayan sa siyudad ng Dumaguete upang makatipon ng mga boto para sa kanyang asawang kandidato sa panguluhan.

"Kasama ng isang pangkat ng mga maka-Recto, siya ay nakipagkamay sa mga nagtitinda at namimili. Pagkatapos ay nagtungo siya sa ospital ng Siliman University at binati ang mga manggagamot at nars doon."

*Hindi nalagay sa diyaryong pinagkunan nito kung binati at kinamayan din ni Misis Recto ang mga pasyenteng may trangkaso sa nasabing ospital.* —G.R.F.

——oOo——

## Satsatan...

(*Buhat sa pah.* 5)

mga bata. At dahil sa kaalyado nga, natural lang na kampihan nila ang mga Iglesya ni Kristo sa ano mang pangyayaring tulad na nga ng nangyari sa Sta. Lucia nang gabing 'yon. Ano, malinaw na ba?

Tumangu-tango si Ka Liloy. Ilang ulit na hinitit ni Ba Teban ang kanyang tabako.

—Ang mga pangyayaring 'yan e, napag-uusapan lang natin dahil sa mga pinuno at alagad ng batas na tila nagkakamali sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, —muling wika ni Ba Teban. —Kung ganyan nang ganyan ang kanilang gagawin, paano magkakaroon ng ganap na pagpapahalaga at paggalang sa kanila ang ating mga mamamayan?

—At 'yan namang mga Iglesya ni Kristo... hindi ko naman nilalahat, e hindi naman sana dapat maging parang mga berdugong lagi nang nambubugbog! Malimit na nating masaksihan ang pambubugbog nilang 'yan, na ewan nga lang kung sa kapahintulutan ng kanilang kapatid na Manalo!

—Hindi naman siguro! Nguni't ang napipiho ko e nalalaman din ni Manalo ang nangyayari. At ang dapat sana, upang hindi na maulit at di malagay sa pangit ang kanilang Iglesya, e pagsabihan at balaang ititiwalag o paruru-sahan ang sinumang 'kapatid' na gumawa ng di tama sa mga tauhan ng ibang Iglesya. Sa gayon, madadala o matatakot ang mga pasimuno sa mga pambubugbog na iyan na nakapagbibigay-pagkakasala tuloy sa ibang taong gustong magpakabanal!

—Siyenga, —ayon ni Ka Liloy, na ibinuga ang sapa ng nginangatang maskada. —Pero tama na nga ang tungkol sa kasong 'yan. Ang mapag-usapan naman natin e 'yung nangyari n'ung Lunes na isang ama ang pumatay ng anim na anak. Nabasa ba n'yo 'yun sa diyaryo?

—Oo! Pero, ano kaya ang pumasok sa isip ng patawarin ng Diyos na taong 'yun at pinagbabaril ang kanyang mga anak dahil lang sa suliranin nilang mag-asawa? Nakapangingilabot!

—Ewan nga ba... talagang kung minsan e nagdidilubyo ang isip ng isang tao at nakakagawa ng mga bagay na ni sa guniguni'y hindi natin akalaing mangyayari!

—Talagang ganyan na nga 'ata ang lakad ngayon ng mundo! Kita ninyo't sarisari na'ng nangyayari: amang pumatay ng mga anak... anak na pumatay ng ama... among nanggahasa ng anak... kapatid na tinadtad ng taga ng kapatid... batang ibinaon nang buhay... asawang binigti at itinapon sa bangin... Susmaryosep! Sarisari nang nakapangingilabot na pangyayari ang nasasaksihan natin ngayon!

—Sa palagay ko, e nagkukulang na ang tao nang pag-

(*Sundan sa pah.* 31)

## Kayo At...

(*Buhat sa pah. 9*)

gramo bawa't tableta) sa 1 litrong tubig.

3% "chlorinated lime" — lusawin ang 2 kutsara sa isang litrong tubig. Huwag gagamitin sa mga bagay na may kulay sapagka't ito'y nagpapaputi.

2% "Tricresol" — lusawin ang 5 kutsaritang "tricresol" sa 1 litrong tubig.

Para sa pagdisinpekta ng mga sugat, karaniwang ginagamit ang mga sumusunod:

—"Hydrogen peroxide"

—"Potassium permanganate" nilusaw 1:5000

—2% Yodo na ipinipinta sa sugat, sinusundan ng alkohol

—"Tincture of mertiolate" 1:1000

Gaya ng alam ninyo, ang pagpapaaraw o paglantad sa sikat ng araw, (kahit isang oras sa sikat ng araw) ay pinakamurang paraang pagdisinpekta. Ang "ultra violet rays" ay ginagamit sa pagdisinpekta ng hangin at para sa masamang sugat.

Ang pagdisinpekta ay dapat na isagawa sa buong panahon ng pagkakaramdam. Ito ay nakikilala sa tawag na panabay na pagdisinpekta (concurrent disinfection). Pagkatapos na hawakan ang pasyente o anuman sa kanyang mga kagamitan, kuskusin ang inyong kamay at bisig ng sabon at tubig o ilubog kaya sa disinpektong kimikal. Ang mga kagamitan ng pasyente, linen o iba pang bagay, ay dapat na hugasan at pakuluan nang bukod at pagkatapos ay pahanginan at paarawan. Ang mga lumalabas sa kanyang ilong at ang kanyang laway ay dapat na sunugin. Kung siya'y may karamdaman at ang kanyang taglay ay ang nakahahawang sakit sa bituka (gastrointestinal disease) tulad ng tipos, ang natirang pagkain ay dapat na sunugin. Bago itapon ang dumi o ihi sa kubeta, ang mga ito ay kailangang ihalo sa "chloride of lime" sa dumihan at hayaan ito nang may isang oras.

Sa pagpapagaling ng pasyente, mahalaga ang panapos na pandisinpekto (terminal disinfection). Kaya't ang maingat na pagdisinpekta ng kanyang mga kagamitan sa pamamagitan ng pagpapakulo rito o pagpapaaraw ay sadyang makabubuti. Ang lahat ng mga gamit tulad ng kutson, kumot, mga laruan at mga aklat ay dapat na pahanginan sa loob ng 6 na oras. Ang mga aklat na ginamit ng pasyente ay di dapat ipagamit sa iba sa loob ng 2 hanggang 4 na linggo. Ang silid ay dapat na linising maigi, pahanginan at ibukas para sa sikat ng araw. Ang pagpapaaso (fumigation) o pagdisinpekta ng mga silid sa pamamagitan ng aso o usok na pangkimiko (chemical gases or fumes) ay dating gamitin nguni't ngayon, ito'y magpag-aksaya ng panahon, magastos at tunay na di-gaanong mabisa tulad ng akala noong mga panahong lumipas.

**PAGBUBUKOD (ISOLATION)**

Ang pagbubukod ay ang paghihiwalay sa isang pasyenteng may sakit na maaaring makuha ng iba. Hinggil sa mga sakit na nakahahawa, ang pinakamabuting paraan sa pagbubukod ay dalhin ang bata sa isang Ospital ng mga Sakit na Nakahahawa (Contagious Disease Hospital) o kaya'y sa isang Pagbubukod na Pangkat (ISOLATION UNIT) ng isang ospital heneral. Sa isang institusyong gaya nito, ang mga tauhan ay bihasa sa pamamaraan para sa mga panauhin. Halimbawa, ang mga pasyenteng may kolera, tipos, bulutong-tubig, dipterya at tisis o tuberkulosis na malala ay kailangang ibukod sa isang ospital ng mga nakahahawang sakit.

Ang pagbubukod ay nagpapatuloy ayon sa kalagayan ng pasyente o sa lakad ng paglubha at kinalabasan ng pangangalaga. Ang mga ibang Lupon ng Kalusugan (BOARD OF HEALTH) ay may kani-kanilang pamamalakad sa pagpapauwi ng mga nabukod na pasyente. Halimbawa, ang ating mga dalubhasa sa kalusugan ay nagtatagubiling ang mga dumihan (stools) ng may sakit ng tipos ay dapat na masiyasat ng maikaitlong sunod bago dumihan samantalang ang maysakit ng dipterya ay dapat magkaroon ng negatibong linis-lalamunan (negative throat swabs). Sa ibang mga sakit, ang karanasan sa lakad at lagay ng sakit na nakahahawa ang siyang pinagbabatayan ng mga dalubhasa sa kalusugan sa pagpapasiya sa tagal ng pagbubukod.

Sapagka't maaaring hindi lahat ay mapupunta sa isang pagamutan o ospital, ang pagbubukod ay maaaring gawin sa bahay. Ito'y karaniwang gawin sa mga pook na walang ospital. Samakatuwid, sadyang mahalagang malaman kung ang mga paalaala hinggil sa pagbubukod ay maisasagawa sa bahay. Maaari ninyong konsultahin ang inyong manggagamot o isang nars sa mga bagay na hindi lubos na nauunawaan.

Hangga't maaari, ihanda ang silid ng may-sakit na bata para sa kanya lamang. Kung ito'y hindi maaari, maaari ninyong kurtinahan ang bahagi ng silid na maliwanag at may mabuting bentilasyon na magbibigay-kasiyahan sa pasyente. Gawing payak o simple ang silid o ang bahaging kinurtinahan upang maging madali ang pagdisinpekta. Ang kakailanganin lamang halimbawa ay isang kama, isang mesa, isang silya at ang mga

(*Sundan sa pah. 31*)

## Mga Payo...

(*Buhat sa pah. 9*)

*cung kayo ay isa ngang mabuting kasama. Sagutin ng "oo" o "hindi" ang mga tanong.*

*Kailangan ang inyong katapatan sa pagsagot sa mga sumusunod upang malaman ninyo kung saan kayo maaaring maibilang:*

1. *Ang iyong pagkaramdam ng hindi pagkapalagay at pagkatakot ba ang nagtutulak sa iyo upang ikaw ay makipag-usap nang walang tigil?*
2. *Madalas mo bang hindi nauunawaan ang sinasabi ng iyong kausap dahil sa pagkawala mo sa iyong sarili at sa pag-iisip nang malalim?*
3. *Ikaw ba'y malungkutin at madalas na nagbibigay ng masamang pakahulugan sa mga bagay-bagay?*
4. *Ibinubulalas mo ba ang iyong mga suliranin sa mga taong sa iyong palagay ay madamayin?*
5. *Sa pagbanggit mo sa iyong mga kaibigan, nasasamahan mo ba ng hinanakit, ng pagkutya o pagpapababa sa kanila ang iyong mga sinasabi?*
6. *Mayroon ka bang itinatangi na siyang nagiging dahilan ng iyong pagkainis at pagkawala ng siglang makitungo pa sa iba?*
7. *Madali bang masaktan ang iyong damdamin bukod pa sa iyong pagiging maramdamin?*
8. *Natitigil ba ang isang usapang kinabibilangan mo dahil sa kawalan mo ng sasabihin at hindi*


(*Sundan sa pah. 31*)


Double "T"— PANAWAGAN!

SNOW-WHITE ang nangunguna sa pagdudulot ng banayad na paninigarilyo. May mentol sa dulo upang malasap ninyo ang kasiya-siyang lasang hindi nagbabago.
Ang SNOW-WHITE ay napakainam para sa "Double T's" —sa mga may maseselang na lalamunan.
Hindi nagdudulot ng panghahapdi, ubo, pangangati ng lalamunan — sadyang isang mahusay at suwabeng sigarilyo!




INTERNATIONAL TOBACCO CO.
INCORPORATED
516 Del Pan, Manila
Tels. 2-93-49; 2-93-52; 2-65-76


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
SA MAGNA, HANDA NANG PUMASOK SI NARDA SA MAKINANG HAHATOL SA MGA KALAHOK!
MGA BABAE LAMANG. MAGHINTAY KA SA LABAS.
OOH--AKO NA. NATATAKOT AKO, MANDRAKE, HU-WAG KANG LALAYO!
H'WAG KANG MAG-ALALA! HIHINTAYIN KITA SA KABILANG DULO!
1
HINDI AKO SASAKTAN NITO--MARAMI NANG NAUNA SA AKIN--PAANO KAYA ITO HAHATOL SA KAGANDAHAN?
2
LUMAKAD SIYA SA MALUWANG NA PASILYO--LIBU-LIBONG MAY KULAY NA SINAG ANG DUMANTAY SA KANYA--
KAY-RAMING ILAW!
3
HABANG DUMADANTAY ANG MGA SINAG, GUMALAW ANG MGA MAKINARYA--AT NAGTALA NG KAGANDAHAN NG KANYANG KATAWAN AT ISIPAN!
4
HAYAN! HINDI KA NASAKTAN, ANO?
SIYEMPRE, HINDI! PANAY ILAW LAMANG ANG NAROROON.
PUMUNTA KAYO SA ISTADYUM SA ORAS NA 2300. SAMANTALA'Y MAKAPAGLILIBOT MUNA KAYO SA MAGNA.
5
3-10
LAHAT NG BABAING IYON! SAMPUNG MILYON! PAANO AKO MAPAPASAMA SA LABINDALAWA? SAKA, PAANO SILA MAKAHAHATOL--SA PAMAMAGITAN NG MGA ILAW LAMANG?
ANG SIYENSIYA NILA'Y LIBONG TAONG HIGIT NA MAUNLAD--IPANALANGIN NATIN ANG ATING TAGUMPAY, NARDA...
6
ITUTULOY--


Si Gus at si Jaq
ni Walt Disney
NADISKUBRE ANG ALPILER NI SINDERELA ... SA PUGAD NI LUSIPER!
Z Z Z
NADADAGANAN NI KULOKOY... PAA-NO NATIN ITO MA-KUKUHA?
HMMM...!
BULONG... BULONG... BULONG PA... DALIAN N'YO, HA?
SINUNOD ANG MGA ORDER NI JAQ, AT ILANG SANDALI PA'Y DALA NA NG MGA 'DAGITIS' ANG KANILANG SANDATA...
SA HUDYAT NI JAQ, PINASI-MULAN ANG NAKAPANI-NINDIG-BALAHIBONG OPE-RASYON...
NOW!
Distributed by King Features Syndicate
NAKILITI SI LUSIPER KAYA NAPAKAMOT SA ILONG... INAGAW NAMAN NG MGA 'DAGITIS' ANG ALPILER...
ZUK! ZUK! NGAYON, TAKBO NA'T BAKA KAYO MASINGAHAN!
3-10
... AT NAILABAS SA 'KUTA' NI LUSIPER!
SAGATOK! YARI ANG MISYON!
World Rights Reserved
TAGUMPAY ANG OPERESYON NI JAQ... NGUNI'T ANG BUN-TOT NIYA ANG NAHALILI SA ALPILER...
ITUTULOY...




"VILLA MUERTE"
Nobela ni
PATROCINA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS
IKA-4 na Labas
Ang nakaraan
ANG BUS NA KINALULULANAN NINA ARMANDO AT MARINA AT NG BAGO NILANG KAKILALANG SI DORO-- NA AKALA NILA'Y TALAGANG NEGOSYANTE-- AY DUMATING SA MAYNILA. PAGBABA NI DORO AY DINAKIP AGAD SIYA NG DALAWANG DETEKTIB NATUKLASAN PALANG SINA DORO ANG HUMOLD-AP SA BANKO. KASABAY NG PAG-ALIS NG KOTSE NG MGA ALAGAD NG BATAS, DALA NA SI DORO, AY TUMAKAS ANG UNANG PAG-ASA NINA ARMANDO.
SAYANG! SIYA PA NAMAN ANG INAKALA KONG MAKATUTULONG SA ATIN!
ABA, BAKIT KA MANGHIHINAYANG? PASALAMAT KA'T HANGGANG MAAGA NGA'Y NATALOS NATING MASAMANG TAO PALA SIYA!
ANG TAO NGA NAMAN, ANO? TINGNAN MO 'YON SA IPINAKIKITANG KABUTIHANG-LOOB NG TAONG 'YON, AKALAIN BA NATING HOLD-APER PALA 'YON!
TALAGA! KAYA NGA BA HINDI TAYO DAPAT BASTA-BASTA MAGKUMPIYANSA!... LALO NA SA PANAHONG 'TO!
NO PARKING LOADING UNLOADING ONLY
SA ANAK-BAYAN, SA PACO, NAGTUNGO ANG PAMILYA...
AYAN NGA ANG BAHAY NA IBINALITA SA AKIN NI KUMPARE! PUWEDE NA, HA, MARINA?
PUWEDE NA, MANDING!
MADALI SILANG NAKIPAG-AYOS SA MAY-ARI...
SA KAUNA-UNAHANG PAGKAKATAON SA BUHAY NATIN, SILONG ANG ATING TITIRHAN! NAHIHIYA AKO SA IYO, MARINA!
TAONG 'TO! PARANG IBA 'KANG TAO, A!
HINDI BALE, MARINA... MAY AWA ANG DIYOS, ORAS NA MAKAKITA 'KO NG TRABAHO, LILIPAT TAYO SA ISANG MAS MABUTING BAHAY! AT MALAY MO, BAKA SUWERTIHIN TAYO'Y MAKABILI TAYO NG SARILI NATIN!
OO, MANDING! MAY AWA ANG DIYOS!
KINABUKASAN DIN AY PINASIMULAN NI ARMANDO ANG PAGHAHANAP NG TRABAHO...
UHMM... ETO... NANGANGAILANGAN: CLERK-TYPIST... BILBAO ENTERPRISES... PUWEDE NA 'TO!
MADALING NARATING NG LALAKI ANG NATURANG KUMPANYA, NGUNI'T...
BABAE ANG KAILANGAN NAMIN DITO, MISTER... SORRY!
PERO... PERO MALAKI'NG MAGAGAWA KONG SERBISYO SA INYONG KOMPANYA, MR. SOLIS!... GRADUATE AKO SA BOOKKEEPING!
PERSONNEL DEPT.
GRADUATE KA SA BOOKKEEPING! BOOKKEEPER KA! E, BAKIT KA NAGPIPRISINTANG CLERK-TYPIST?
E... E... TALAGA HONG GANYAN, E... ALAM NINYO'Y BAGO LAMANG KAMI RITO SA MAYNILA NG MISIS KO AT... AT...
HMM... ALAM KO NA! OKEY, PARA HUWAG NAMANG MASABING HINDI AKO MARUNONG MAHABAG SA MGA TULAD MO... TINATANGGAP KITA RITO!
SALAMAT HO, MR. SOLIS! MARAMING-MARAMING SALAMAT HO!
BUKAS KA NA MAGSIMULA, ARMANDO... DITO ANG MESA MO!
OPO, MR. SOLIS... SALAMAT PO!
ACCOUNT
ITONG SI MR. FLAVIO NA CHIEF CLERK DITO ANG BAHALANG MAGSABI SA IYO NG GAWAIN MO BUKAS!
OPO, MR. SOLIS!
PAGKATAPOS AY PARANG ISINIBAT SA PAG-UWI SI ARMANDO...
SALAMAT SA DIYOS AT HINDI KA NAHIRAPAN SA PAGHANAP NG TRABAHO!
OO, MARINA... TALAGANG KINAKASIHAN TAYO NG KAPALARAN!
KUNG ALAM MO LAMANG, ARMANDO, KUNG ANO ANG ITINAKDA NG KAPALARAN PARA SA INYO, SA TANGGAPANG IYON!



"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-11 LABAS
ang nakaraan: HINANGAAN SI TERESA NG MGA PANAUNIN. NAINGGIT SI LULU AT MULING HINIYA ANG DALAGA. NAGKASAGUTAN SINA LEANDRO AT LULU, NGUNIT PINANIGAN PA NI DON FILEMON ANG HULI. NAPAIYAK SI TERESA AT PATAKBONG NANAOG, KASUNOD ANG UMIIYAK DING SI RENE. SUSUNDAN SANA NI LEANDRO SI TERESA NGUNIT HINADLANGAN NG AMA...
katha ni EDDIE RAÑOLA
PINAGBIGYAN NI LEANDRO ANG AMA SA HARAP NG MGA PANAUHIN BAGAMAN HALATANG MASAMA ANG LOOB NG BINATA. HINDI NA SIYA NAKIHALO PA SA KASAYAHAN AT NAGKULONG SA KANYANG KUWARTO...
KAWAWANG TERESA!... SI LULU ANG MAY KASALANAN NG LAHAT...!
HANGGANG SA MATAPOS ANG KASAYAHAN AY HINDI NA NAKITA NG MGA PANAUHIN ANG BINATA...
AALIS NA KAMI, DON FILEMON...
ADIYOS...
MANANAOG NA KAMI, LULU!... SABIHIN MO NA LANG KAY LEANDRO...
OO...
NANG WALA NA ANG MGA BISITA....
BAKIT NAMAN HINDI KA NA LUMABAS, IHO?...NAG-ALISAN AT NAG-ALISAN ANG ATING MGA BISITA AY HINDI MO MAN LAMANG INIHATID KAHIT NA SA PINTUAN!... HINAHANAP KA NILA...
HINDI NINYO MAIAALIS SA AKIN, MAMA, NA MAGDAMDAM SA NANGYARI! NAKIUSAP LAMANG AKO KAY TERESA NA DUMALO SA ATING KASAYAHAN UPANG HIGIT NA MAKAPAGBIGAY-KASIYAHAN SA ATING MGA PANAUHIN, SAKA NGAYO'Y GAYON ANG NANGYARI!
TINITIGAN NG DON ANG ANAK, AT PAGKUWA'Y...
MAY MATWID SI LULU, KAYA PARANG KINAMPIHAN KO!
NGUNIT HINDI SANA SA GAYONG HARAPAN NAGPAMALAS KAYO NG GAYON! MAY KAHIHIYAN DIN NAMAN 'YUNG TAO, KAHIT NA ISANG PULUBING NATURINGAN!
KANINA KO PA NAHALATA ANG MALABIS NA PAGMAMALASAKIT MO SA BABAING IYON, LEANDRO! IBIG KO NANG MANIWALANG TALAGANG "MAY LOOBIN" KA SA KANYA, GAYA NG HINALA NI LULU!
NAAAWA LAMANG AKO SA KANYA, PAPA, KAYA AKO NAGKAKAGANITO! ISA PA'Y AKO ANG MAY KOMPROMISO SA PANGUNGUMBIDA SA KANYA!...
SAKA... IPAGPALAGAY NA NATING MAY IBA NGANG KAHULUGAN ANG PAGMAMALASAKIT KO SA KANYA, MAYROON BANG MASAMA ROON? MASAMA BANG MAGKAROON AKO NG SINASABI NINYONG "LOOBIN" SA ISANG DALAGA... SAMANTALANG BINATA NAMAN AKO?
KUNG GAYO'Y HINDI NGA PALA KAMI NAGKAKAMALI NG AKALA!...
PERO KUNG TALAGANG TUTOO... AY ITO LAMANG ANG MASASABI KO SA IYO: HINDI AKO MAKAPAPAYAG NA ANG KAHUMALINGAN MO AY ISANG BABAING-LANSANGAN NA GAYA NG SABI NI TERESA AY KAHALU-HALUBILO NG MGA LALAKI AT WALANG DILIKADESA!... AT KUNG MAGPAPATULOY KA SA KAHANGALAN MO, AY TAYO ANG MAGKAKALABAN!
HALATANG GALIT SI DON FILEMON NANG TALIKURAN ANG ANAK. SUMUNOD NA RING LUMABAS SI DONYA ANGELA, SAMANTALANG SI LEANDRO AY NAIWANG MATATAG SA PAGKAKATAYO NA TILA TINTANGGAP ANG HAMON NG AMA...
NAHAHANDA AKONG IPAGTANGGOL ANG AKING KARAPATAN AT KALAYAAN SA BAGAY NA ITO, PAPA...
SAMANTALA, KINA TERESA...
ANO KAYA ANG NANGYAYARI SA MGA BATANG ITO AT KANINA PA... TERESA!... HALIKA NGA, ANAK, AT IBIG KITANG MAKAUSAP...
NANG LUMAPIT ANG DALAGA...
BUHAT PA KANINANG DUMATING KAYO NI RENE AY NAPANSIN KO NANG UMIIYAK KA! MALUNGKOT KAYO KAPUWA AT HINDI KUMIKIBO! HINDI NINYO MAIPAGLILIHIM SA AKIN NA MAY NANGYARI SA INYO...
WALA, NANAY... ANO ANG MANGYAYARI SA AMIN? HUWAG NINYO KAMING PANSININ, PARANG MABIGAT LANG ANG KATAWAN NAMIN NI RENE DAHIL SA...
NAGSISINUNGALING KA SA AKIN, TERESA... AT DIYAN KITA HINDI MAPATATAWAD! KAYA UPANG HINDI AKO MAGDAMDAM AT MAGHINANAKIT SA INYO, AY...
RENE...
HALIKA RITO!... IKAW ANG MAGSABI SA AKIN KUNG ANONG TALAGA ANG NANGYARI...
JOSE ISLA
ITUTULOY



TAONG 1943. SA ISANG YUNGIB SA BUNDOK TANGKAL AY NAGSISIPAGTAGO ANG MGA NAGSILIKAS NA MAMAMAYAN. PATULOY NOONG NILILIGLIG NG ISANG INA ANG SANGGOL NA NASA KANYANG MGA BISIG. SUBALI'T HINDI TUMITIGIL SA PAG-IYAK ANG BUTO'T BALA'T NA SANGGOL.
PATAHANIN MO'NG IYONG ANAK, TISYA! MARAMI TAYONG MAPAPAHAMAK!
SIYANGA NAMAN. MADALI TAYONG MATUTUNTON DITO PAG NARINIG ANG IYAK NIYAN!
MARAHIL AY PANSAMANTALANG NAPAWI ANG KAGUTUMAN NG SANGGOL, TUMIGIL ITO SA PAG-IYAK. HALOS KAALINSABAY NG PAGTIGIL NA YAON AY DUMATING ANG ISANG TANOD SA LABAS NG YUNGIB.
PAPALAPIT NA ANG MGA HAPON!
GAANO KALAYO ANG MGA SAKANG?
MGA APAT NA SUKAT-KAWAYAN NA LAMANG! MAY KASAMA SILANG ISANG SIBILYAN NA NAKAGAPOS SA LIKOD ANG MGA KAMAY!
Sa Labi ng LIBINGAN
ni RESTITUTO TORRES
Guhit ni TEMY BAUTISTA
MALAMANG NA MAKAPILI!
SA AYOS AY HINDI! MUKHANG PINAHIHIRAPAN HABANG DAAN, E!
BAKA SI KADYO NA IYON! KADYO ... HU... HU ...HU...
HUWAG KANG MAINGAY, INENG, BAKA PATI TAYO'Y MAHULI NG MGA HAPON!
MABUTI KAYA AY BUMALIK KA, LANDO! TINGNAN MO KUNG ANO NA ANG GINAGAWA NILA SA MGA BAHAY! BAKA PINAGSISILABAN NA NG MGA BUHONG!
HUWAG, LANDO! PAG NAKITA KA'Y MATUTUNTON TAYO!
NAPAHINUHOD SA TUTOL NG NAKARARAMI ANG NAGMUNGKAHING PABABAIN ANG TALIBA. SUBALI'T NAPABALING ANG KANILANG PANINGIN SA SANGGOL NA MARAHANG UMINGIT NANG WALANG MALASAP NA PAMAWING-GUTOM.
KUNG NASAWI NA ANG MGA NASA LARANGAN, SANA'Y HUWAG NA TAYONG MADAMAY!
GINAGAWA KO NA ANG AKING MAKAKAYA, MGA KANAYON! WALA TAYONG MAGAGAWA SA ISANG MUSMOS!
BAKIT WALA? SAKALIN MO!
NAPAKAMAHAL NAMAN SA IYO NG SARILING KAPAKANAN! NAIS MO PANG PATAYIN ANG ISANG WALANG MALAY UPANG MAILIGTAS ANG IYONG SARILING NANGANGATOG SA TAKOT! SAYANG! ANG MGA KARAPAT-DAPAT MABUHAY AY NALIBING, AT NATIRA PA ANG MGA BUHONG!
KUNG AYAW MONG SAKALIN AY AKO NA ANG SASAKAL! GAANO NA ANG BUHAY NG ANAK MO KUNG IHAHAMBING SA BUHAY NATING LAHAT?
SIYANGA NAMAN, TISYA! KAILANGAN BANG MAGBUWIS ANG LAHAT NANG DAHIL SA ISA? MAG-ISIP-ISIP KA!
SAKLOT NG DAMDAMIN NG ISANG INA, HINDI NAKAPAGPASIYA SI TISYA. NAGHINTAY ANG LAHAT SA PASIYA NIYANG YAON, HABANG PATULOY NA UMIIYAK ANG SANGGOL. NGUNI'T BIGLA SILANG GINAMBALA NG...
MGA PUTOK!
PAK-BONG!
PAK-BONG!
NAPAKO ANG TINGIN NG LAHAT SA UMIIYAK NA SANGGOL. DAHAN-DAHANG LUMALAPIT SA MAG-INA ANG MATON. BATID NIYANG HINDI NA MAPIPIGIL ANG HANGARIN NIYON. MABILIS SIYANG TUMAKBONG PAPALABAS NG YUNGIB, SUBALI'T...
AKINA, TISYA! AKO ANG SASAKAL SA BATA!
AAHHHHHHH!
BAM
MAYA-MAYA'Y MGA YABAG NG BOTA ANG NARINIG NG MGA NASA LOOB NG YUNGIB. DAHAN-DAHANG TUMIGIL ANG MGA UHA NG SANGGOL NA NADARANG SA INIT NG SIKAT NG ARAW. SA LOOB NG YUNGIB AY MAY MGA NAGHIHINTAY... MGA TAONG HINDI NAAABOT NG MAINIT NA SILAHIS NG ARAW, SUBALI'T UNTI-UNTI PA'RING TINUTUNGO NG KALUPITAN.
WAKAS

# PAGGAWA NG KULUNGAN NG MANOK







Sa paggawa ng kulungang ito, gumamit ng mga putol na kahoy na may ½ pulgadang kapal at lapad na tulad ng mga nasa larawan.

Gawin ang harapan, mga gilid at bubong nang hiwalay. Pagkatapos ay pagkabit-kabitin na tulad ng ipinakikita ng mga larawan. Kung kakailanganing lagyan ng sahig, ito'y dapat gawing kahawig ng bubong at ipako sa ilalim.

Ang naitataas at naibababang halang sa gitna ay isang bukod na pirasong may 22" haba, 2" lapad at ½" kapal. Ito'y pinananatili sa lugal ng dalawang pirasong kahoy na ½" ang kapal at 2" ang lapad na ipinako sa ilalim na gaya ng makikita sa A.A. Isang pirasong 6" ang haba ang ipapako sa ibabaw ng mga ito.

Takpan ang bubong ng lona o ano mang magtatanggol sa mga manok sa labis na init o ulan.

# PAGLILINIS NG MARMOL



Kung kumukupas ang kulay ng mesa, dinding o ano mang palamuting marmol, magtunaw ng kaunting **oxalic acid** at siyang gamiting panlinis.

Ang mga mantsang likha ng karne at gulay ay nangangailangan ng ibang solusyon: tig-kalahating libra ng **stone potash** at **pipeclay** na hinaluan ng tubig at kaunting **oxalic acid** upang lumagkit.


Dikitan ng solusyong ito ang mantsa at huwag gagalawin sa buong magdamag. Ulitin hanggang sa mawala ang mantsa.

Upang malinis ang marmol na may magaspang na ibabaw, kuskusin ng **pumice stone** at tubig.

Upang alisin ang mantsang likha ng init o lamig ng panahon, gumamit ng pinaghalong malambot na sabon at **pearl ash,** at hugasan ng mainit na tubig.

25-1

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr., Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.

# "ANG HALIMBAWA NI AMA"

*Pagtatapat ng Isang Magbubukid kay Benito R. Cadiz*

ang masaganang aning bunga ng aming mga pagpapagod. At si Ama ay labis na nasisiyahan. Nalalaman niyang matutupad ang pangarap niya para sa aming kinabukasan.

Subali't biglang-bigla, nagbago ang lakad ng mga pangyayari nang magbinata na ako at unti-unti nang mamulat sa tunay na kahulugan ng buhay.

—Napapansin kong malaki ang ipinagbago mo, Ruperto ... —minsa'y sabi sa akin ni Ama. —Buhat nang manirahan si Rafaela rito sa ating nayon ay nag-iba ka! Parang tinatamad ka nang magsaka ... malimit na nahuhuli kitang natitigilan at bubulungbulong pa kung minsan... madalas ay ginagabi ka na sa lansangan!

Ang Rafaelang binanggit ni Ama ay isang dalagang-Maynila na nanirahan sa aming nayon. Bata pa at makakasing-edad ko lamang marahil. Maganda at may pang-akit ang katauhan. Tutoo ang sabi ni Ama. Si Rafaela nga ang dahilan ng bigla kong pagbabago. Buhat nang makakilala ko si Rafaela ay hindi na ako natahimik. Madalas ngang bunang di gayak...

Marami pang sinabi si Ama. Nguni't ang iba'y hindi ko na naintindihan. Sapagka't ang aking isipa'y naglalakbay na sa malayo... kina Rafaela — sa babaing unang nagpatibok ng aking puso.

Sa kabila ng mga paalaala ni Ama, isang hapon ay nasumpungan ko na lamang ang aking sarili sa harap ni Rafaela. Noon, sa kauna-unahang pagkakataon buhat nang dumating sa amin si Rafaela, ay nagkalakas-loob akong ipagtapat ang malaon ko nang saloobin sa kanya...

—Ngayong maipagtapat ko na sa iyo ang tutoo, ay nababawas-bawasan ang dinadala kong pabigat sa aking dibdib, —ang wika ko pa kay Rafaela. —Nguni't huwag ka sanang magagalit sa akin...

Hindi ko kinahalataan ng bahagya mang pagbabago ng mukha o ng anyo si Rafaela. Nakangiti pa siya nang titigan ako at magsalita:


—Bakit ako magagalit sa iyo, Ruperto... Ang tutoo'y natutuwa pa nga ako pagka't ako pala ay naging matimbang sa iyong kalooban. At

—Pinapagbakasyon lamang ako ng aming doktor pagka't nanghihina ang aking katawan. Nguni't hindi magtatagal at babalik din ako sa Maynila.

Bagaman hindi ko naman itinuturing na isang pahiwatig ang sinabi sa akin ni Rafaela ay natanim iyon sa aking isipan. Ayaw pala niya ng isang magsasaka lamang. At kung ako'y magpapatuloy sa dating gawain ay hindi niya ako maiibig.

At nabuo sa akin ang isang pasiya na alam kong magiging laban sa kalooban ni Ama. Iiwan ko na ang pagsasaka. Luluwas ako ng Maynila at doon hahanap ng kapalaran. Kung ako'y palarin, muli akong makahaharap kay Rafaela upang minsan pang idaing ang suliranin ng aking puso.

Sinabi ko kay Ama ang tutoo. At nang ako'y kanyang pigilin at pagsabihan, ay hindi ko malaman kung bakit naging matigas ako sa paninindigan sa aking panig. Sa kaunaunahang pagkakataon ay naging marahas pa ako nang



ANG isasalaysay ko sa inyo ay tunay na nangyari sa akin. Ito'y masasabi ninyong isang kuwentong "luma na". Maaari. Nguni't sa "luma na" o "bago", hindi iyan ang mahalaga. Ang mahalaga ay isang tunay na pangyayari sa aking buhay, na may magandang inihahalimbawa. Pakinggan ninyo at aking isasalaysay...

—•◦•—

Maliit pa kaming magkakapatid ay itinuro na sa amin ni Ama ang pagmamahal sa lupa. Itinanim niya sa aming puso ang kahalagahan ng mga bukirin, ng pananim, ng halamang pinagkukunan natin ng mga pangunang pagkabuhay. Si Ama ay isang magbubukid, at iyan ang ibinubuhay niya sa amin. Ulila na kami sa ina, na namatay nang ipanganak ang bunso naming kapatid.

Ang nais ni Ama ay maging mga magbubukid din kaming magkakapatid. Ang pagsasaka ng lupa ay siyang nais niyang ipamana sa amin, sakaling siya'y bawian na ng buhay.

Dahil sa ang ano mang salita ng aming ama ay batas para sa amin, sinikap naming matuto ng mga gawain sa bukid. Natuto kaming magsaka, mag-araro, magtanim, gumapas ng palay. Nasisiyahan naman kaming magkakapatid, lalo na kung nakikita namin bulung-bulong ako pagka't pinag-aaralan ko ang matatamis na pangungusap na sasabihin ko sa kanya sakaling ipagtapat ko na ang aking "damdamin". Malimit akong hinahatinggabi ng pag-uwi pagka't kasama akong lagi ng ilang kabataang halos gabi-gabi'y nanghaharana kay Rafaela. Inaabot kami ng hatinggabi sa kanilang bahay...

—Baka akala mo'y gayungayon lamang ang manligaw, —muling untag sa akin ni Ama. —Hindi bale sana kung nasa edad ka na! Pero bata ka pang lubha. Dapat mong malamang ang panliligaw ay hindi hanggang diyan lamang. Mahirap na ang mapasubo yamang nagtapat ka sa akin, magiging matapat din ako sa iyo...

Bigla akong kinabahan. Ang akala ko'y kung ano na ang ipagtatapat sa akin ni Rafaela na mangangahulugan ng aking kasawian. Nguni't nakahingahinga ako nang marinig ko ang kanyang idinugtong...

—Alam mo, Ruperto, hindi naman sa hinahamak kita. Nguni't ang pangarap kong maging kaisang-palad ay hindi isang magsasaka. Ayaw kong mamuhay sa bukid. Ang ibig ko'y sa siyudad... sa gitna ng mga ilaw at ng kasayahan.

—Kung gayo'y bakit nanirahan ka rito sa aming nayon? —pasumala kong sagot.

pagsagot sa aking Ama.

—Panay na lupa na lamang ang sinasabi ninyo sa amin! Magiging maligaya ba at matatag ang aming kinabukasan sa pamamagitan lamang ng pagsasaka? Ayaw ko nang maging magbubukid lamang! Para sa akin ay isa iyang hamak na hanapbuhay na walang maidudulot na magandang kinabukasan sa isang tao! Sa lunsod ako hahanap ng lalong magandang kapalaran!

Nahalata kong nabigla si Ama sa di niya akalaing maririnig sa akin. Nguni't mahinahon pa rin siya nang sumagot.

—Ang ibig mo bang sabihin, Ruperto, ay tinatalikdan

mo na ngayon ang katotohanang ang lupa ay siyang batis ng buhay at kaligayahan ng tao? At dahil lamang sa isang babae...?

—Oho, —agaran kong sagot. —Sa ganang akin ay walang gaanong halaga ang lupa! Hindi maibibigay ng lupa ang ganap na kaginhawahan at kaligayahan ng tao! Gaya na lang ngayon... malabo ang kapalaran ko kay Rafaela dahil lamang sa ako'y isa raw magsasaka!

—At ano ang ibig niya?

—Isa raw taga-siyudad. Ang taga-siyudad nga naman ay higit na kagalang-galang at kumikita pa nang malaki kaysa sa kinikita ng isang magsasaka.

—At ano ang binabalak mo ngayon? —halatang-halata ko ang pinipigil na sama ng loob ni Ama.

—Luluwas ako sa Maynila. Hahanapin ko roon ang mga bagay na di maibigay sa akin ng lupa: ang maraming salapi, halimbawa; ang tugtugin; ang katanyagan; ang mamahaling mga alak at pabango na siyang higit na mahalaga

**"Unang Dumulog Sa Hapag Si Ama. Kasunod Ako At Ang Aking Mga Kapatid. Nguni't Nang Alisin Ko Ang Takip Ng Pinggang Nauukol Sa Akin Ay Gayon Na Lamang Ang Aking Panggigilalas!"**

sa babaing aking iniibig!

Hindi na sumagot pa si Ama. At buhat noon ay hindi na niya ako pinagkikibo. Hanggang sa dumating ang umagang ipaalis na ako patungong Maynila. Nagbalik na rin si Rafaela sa lunsod nang sinundang araw, kaya minarapat kong sumunod na sa kanya nang umagang iyon. Hindi ko matatagalang mangulila kay Rafaela.

Nang nakaraang gabi, napasa-bayan si Ama at namili. Lihim akong nagalak. Naisip kong ipinamili marahil ako ng mababaon. Sa kabila ng lahat ay mahal din ako ng aking ama, at ang paglabag ko sa kanyang kalooban ay hindi niya ganap na ipinagdamdam at ipinaghinanakit.


Unang dumulog sa hapag ng agahan si Ama, kasunod ako at ang dalawa kong kapatid. Nguni't nang alisin ko ang takip ng pinggang nauukol sa akin ay gayon na lamang ang aking panggigilalas. Ang laman ng aking pinggan ay dalawang sasampuing-pisong papel, isang maliit na bote ng pabango, isang magandang silindro, isang magandang kard ng pagbati, at isang maliit na kopita ng alak. Ang pinggang nauukol sa aking ama at mga kapatid ay may lamang sinangag, istrilyadong itlog, papaya at saging. Sa gitna ng aking pagtataka ay nagsalita si Ama.

—Wala nang kuwenta sa iyo ang lupa, at ang mahalaga para sa iyo ay ang mga bagay na binanggit mo noon... Hayan, siya mong kainin ngayon, mamaya, bukas at sa mga araw pang darating!

Naunawaan ko agad ang halimbawang iyon ni Ama. Hindi ako nakakibo. Tungo ang ulong tinanggap ko ang aking pagkakamali. At hindi ko naman dinamdam ang gayon, lalo na nang makalipas ang ilang araw ay mabalitaan kong nagtanan si Rafaela na kasama ng isang tanyag na mang-aawit sa radyo. Nag-asawa na si Rafaela, ang babaing siyang naging dahilan ng pagbabago ng paniniwala ko sa buhay at sa kahalagahan ng lupa sa buhay ng tao.

Ngayon, maligaya na naman akong nagsasaka. Pagkatapos ng lahat... minsan pa akong nakatitig sa isang magandang kinabukasang idudulot ng mayayamang biyaya ng lupa. At isang dalagang-bukid ang binuo ko sa sariling ihahatid sa harap ng altar pagdating ng araw — isang kaisa ko ng daigdig! (X)


# Isang Kaugaliang Pilipino...



Ang panahon ng ani sa Pilipinas ay isang pagkakataon na laging ipinagdiriwang. Sa lahat ng dako ay may magkakaibang paraan ng pagdiriwang nito. Sa nayon ng Himas, Leyte, ay nagdaraos ng kapistahan sa pagdiriwang ng masaganang ani. Isang pambihirang seremonyang kinaugalian nang gawin sa loob ng maraming salin ng lahi at hindi pa nababago ng kaugaliang Kristiyano, ang idinaraos. Ang puno ng seremonya ay naglalagay ng matingkad na pulang turban sa kanyang ulo at nagsasayaw na may hawak na punyal sa kanyang mga kamay sa saliw ng mga gitara. Pagkatapos ay humihiga siya sa lupa at bubulung-bulong. Nananalangin siya sa ngalan ng mga magsasaka, na nagpapasalamat sa mga "anitos" (duwende) sa mga puno, sa langit, lupa at mga lawa dahil sa masaganang ani.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—

**GINEBRA**
**SAN MIGUEL**

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834"*




Sa loob ng mahigit na isang daang taon, GINEBRA SAN MIGUEL ang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdulot ng higit na kasiyahan sa lalong maraming kapistahan at mga pagtitipon sa nayon at bayan sa buong kapuluan sapagka't nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang" sa DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 ng gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 ng gabi.

*isang produkto ng*
**LA TONDEÑA, INC.**

# ibat ibang Kulay sa puting-tabing

ni eddie rañola

Wala pang bituin sa puting-tabing na nakaranas ng tulad ng naranasan ni Rita Gomez sa paggawa ng isang pelikula. Sa **Diyosa** ng Sampaguita ay iisang damit lamang ang ginamit ni Rita: isang manipis na puting **nylon** na halos nagbibilad na sa kabuuan ng kanyang magandang pangangatawan. Hindi malaman ni Rita kung matutuwa siya o malulungkot sa pangyayaring ito.

Subali't para kay Ric Rodrigo, ang bidang lalaki sa **Diyosa**, ay dapat magalak si Rita. "Ikaw lamang ang natanging artistang babae na nagkaroon ng ganyang karanasan, kaya dapat mong ikarangal," ang wika pa ni Ric. "Bukod diyan, napakaganda mo sa kasuotang iyan ng isang Nimpa, at walang lalaking di mabibighani sa iyo!" dugtong pa ni Ric.

Nangingiti na lamang si Rita. "Binobola" man siya ni Ric o hindi, talaga namang wala siyang magagawa pagka't ang gayo'y siya lamang hinihingi ng papel na kanyang ginagampanan.

---

Higit na naging kagalang-galang ang anyo at ayos ni Jaime de la Rosa nitong mga huling araw. Isang kaibigan ang nakapansin tuloy sa gayon, at di nakatiis na di magbiro.

"Bakit, Jimmy, kakandidato na ba tayong tulad ni Rod..." ang wika pa.

Nguni't wala naman palang dahilan ang ipinagkakagayon ni Jimmy. Ginagawa raw lamang niya ang **Hukom Roldan** ng LVN, at ang tinutupad niyang papel ng isang kagalang-galang na Hukom sa pelikulang ito ay parang kinahiratihan na niya maging sa ibang pagkakataon.

Isang kasama sa estudyo ang nakapagsabi tuloy na talagang si Jimmy ay taimtim at laging makatotohanan kung lumabas sa pelikula. Kung hindi nga naman ay di magkakagayon.

Katambal ni Jimmy sa **Hukom Roldan** ang marilag na si Emma Alegre.

---

Isang dalagitang nagdaraan sa may estudyo ng Premiere ang nahintakutan nang makitang nagsusuntukan sina Zaldy Zshornck at Fernando Poe, Jr. Alsado ang isang kilay ni Nanding at may bukol ang noo ni Zaldy. Napasigaw tuloy ang dalagita at tinawag ang isang lalaki upang awatin ang dalawa.

Nguni't napabuntunghininga na lamang ang dalagita nang malaman ang nangyayari. Sinasanay lamang pala ng dalawang artista ang isang tagpo ng "bakbakan" na gagampanan nila sa **Kamay ni Cain** ng People's Pictures.

"Kailangang maging parang tutoo ang aming pag-aaway upang masiyahan ang mga manonood," ang sabi ni Zaldy.

"Nguni't tutoo ring nagkakasakitan naman kayo!" sagot ng dalagita. "Tingnan n'yo at kapuwa kayo may bukol!"

"Hindi bale... basta lumabas lamang na maganda ang ginagawa naming palikula," nagtatawa pang wika naman ni Nanding.

---

Nagulat ang mga kasambahay ni Celia Fuentes nang isang umagang sila'y nag-aalmusal ay pasirkong bumagsak na lamang sa kanilang tabi si Celia na aywan kung saan nagdaan. Nakahiga pa si Celia nang iwan nila upang sila'y magsipag-agahan.

Ngingiti-ngiti lamang naman si Celia, at matapos magbilamos ay dumulog na rin sa hapag.

"Ano ba ang nakain mo't naging para kang tipaklong! Ilang araw nang paluksu-lukso ka at pasirku-sirko!" ang puna tuloy ng pinsan ni Celia na nagbabakasyon sa kanila.

"Huwag kang magtaka..." ang sagot ni Celia. "Talagang sirkera na tayo ngayon pagka't ako ang "Reyna Sirkera" ng Everlasting Pictures!"

Natawa na lamang ang kausap nang maunawaan ang tinuran ng pinsan. Si Celia ay siya nga palang bidang babae sa **Reyna Sirkera** ng Everlasting, at maging sa umaga, sa tanghali at sa gabi ay lagi nang nagsisisirko upang masanay na mabuti at magampanan nang buong husay ang papel na tinutupad niya sa nabanggit na pelikula.

---


Si Romeo Vasquez, ang "Pretty Boy" ng Sampaguita ay may sarili nang kotse. Halos lahat nang kakilala niya ay isinasakay at isinasama sa pamamasyal. Kaya naman hindi si Romy lamang ang natutuwa sa pagkakaroon niya ng bagong kotse kundi pati na ang kanyang mga kakilala't kaibigan.

---

Si Teresa Mendez ng Everlasting ay mabilis na nagkakaroon ng mga tagahanga, karamiha'y mga tin-edyer. Isang pangkat ng mga kabataang naghandog sa kanya ng kasayahan ang tuwang-tuwa nang siya'y dumalo. Nguni't isang bagay lamang ang napansin ng lahat: tahimik at di pala-biro si Tessie, bagaman lagi namang nakangiti sa sinuman. At ang gayoy lalong ikinagiliw sa kanya ng marami, sapagkat siya raw ay hindi maharot at galawgaw.



*Sina Paraluman at Lolita Rodriguez, sa isang madamdaming tagpo sa "VERONICA" ng Sampaguita. Direksiyon ni Mar S. Torres, kasamang itinatampok sa pelikulang ito si Rogelio de la Rosa.*



*Ang ilan sa mga bituing nagsisilabas sa "TURISTA" ng LVN na ginagawa sa Tokyo, Hapon. Nakunan sila ng larawan sa may harapan ng Akasaka Library. Tingnan na lamang ninyo ang ayos nina Nida, Nestor at Bimbo na tila nagsipuwesto pa sa pagharap sa kamera!*



*Seksing-seksi si Charito sa ayos niyang ito, ano po! Ito'y larawang kuha sa isang siyuting ng "SANGA-SANGANG PUSO" ng LVN na pinamamahalaan ni Susana de Guzman.*



*Sina John Agar at Cielito Legaspi, sa isang tagpo sa "THE DAY OF THE TRUMPET" ng C. H. Santiago Film Organization na pinamahalaan ni Direktor Eddie Romero. Ang pelikulang ito'y itatanghal sa 4,000 sinehan sa Estados Unidos.*

May isang bagong bida ngayon ang Premiere. Nguni't ito'y hindi tao kundi isang baril!

Sinabi naming *bida* sapagka't siyang pamagat ng pelikulang sinimulan nang gawin nang samahan: ang *Kalibre* 45 ,na sinulat at pinamamahalaan ni Direktor Chat Gallardo.

Ang *Kalibre* 45 ay noon pa sanang Nobyembre dapat isapelikula, nguni't dahil sa ilang kadahilanan ay nabimbin at ngayon lamang nasimulan. Gayon man ay lalong nakabuti, ayon sa direktor, sapagka't nagawa niya ang kinakailangang mga paghahanda upang maging isang malaki at natatanging produksiyon.

Ang *Kalibre* 45 ay pinangungunahan nina Efren Reyes, Danilo Montes, Edna Luna, Cynthia Zamora, Amado Cortez, Leonor Vergara, Boy Francisco, Oscar Roncal at Quiel Segovia.

---

*Minsan ay tumama sa "daily double" si Ben Cosca ng LVN. Nalaman ito ni Oscar Obligacion at kinantiyawan ang kaibigan na magmanedyer sa Max's.*

*Nagpaunlak naman si Ben, sa kondisyong uubusin ni Oscar ang dalawang pritong manok.*

*"Pag hindi mo naubos ay ikaw ang magbabayad," ang sabi pa, sa pagaakalang uurong ang isa.*

*"Shoot!" tanggap naman ni Oscar.*

*At nagkasubukan. Natalo si Ben at lumaki pa ang gastos. Sapagka't hindi dalawang "fried chicken" lamang ang natodas ni Oscar kundi apat. At hindi man lamang hinilaban.*

## Mga Sulat...

**aming diyaryo, sa gusaling TVT, Florentino Torres, Maynila. Doon kayo sumulat o makipag-alam. (Nakalimutan ho ninyong isulat ang inyong bayan, kaya't hindi namin kayo masagot nang opisyal tungkol dito.) —ED.**

—« O »—

## Kayo At...

(*Buhat sa pah. 9*)

gamit ng pasyente. Isang tuwalya at isang "gown" o "apron" ay dapat na isampay sa isang lugal na madaling maaabot ng nag-aalaga upang madaling makapagpalit at makapaghugas siya ng kamay sa kanyang pagpasok at paglabas sa silid. Iwasan o pagbawalan ang mga panauhin, lalo na ang mga bata na alam nating madaling mahawa.

Ang mga kagamitan ng pasyente at ang "linen" ay dapat na linising nakahiwalay sa iba. Ito'y maaaring disinpektahin tulad ng ating sinasabi sa unahan. Sasabihin ng manggagamot kung kailan matatapos ang pagbubukod.

**KUWARENTENAS (QUARANTINE)**

Kung ang isang pangkat ng mga tao'y maaaring makahalubilo ng isang pasyenteng may sakit na nakahahawa, sila ay pananatilihin sa isang lugal o kaya'y pagbabawalan sila sa paglakad-lakad upang tiyaking hindi sila nagkakalat ng mga mikrobyo. Ito'y tinatawag na kuwarentenas. Sa nakaraang mga unang panahon, ang ganitong pamamalakad ay ginagawa kung may mga nakahahawa't mapanganib na sakit tulad ng kolera, pesti at bulutong. Mapapansin ninyong ang mga sakit na ito'y hindi na halos naririnig sa panahong kasalukuyan, salamat sa kaunlaran sa pagsugpo at pamamahala ng mga sakit.

Ang mga tao'y maaaring makuwarentenas sa bahay o sa isang institusiyon o sa isang bapor kung ang isa sa mga pasahero ay may-sakit o napaghihinalaang nagtataglay ng isa sa mga nakahahawang sakit na binabanggit sa unahan. Ang tagal ng kuwarentenas ay ayon sa tagubilin ng Kawanihan o Lupon ng Kalusugan. Kadalasan, ito'y tumatagal mula sa 1 hanggang 3 linggo kung ang sakit ay napapansing tinataglay ng mga taong nakukuwarentenas. Sa mga nakaraang panahon, sila ay nagsasabit ng isang paunawa sa pintuan o tarangkahan na nagsasabing ang bahay ay nakukuwarentenas upang palayuin ang mga panauhin, nguni't ito'y nagdudulot ng ligalig sa bayan.

Ang pagbubukod at ang kuwarentenas ay hindi naman tiyakang mabubuting mga pamalakad nguni't sa isang dako, ang mga ito ay nakatutulong sa pag-iwas sa pagkalat ng mga sakit na nakahahawa, lalo kung ang mga ito'y isinasagawang maaga at maingat. Kailangang malaman ninyo ang mga pamalakad na ito at pakaping isagawang maingat. Itinatago ng ibang mga magulang ang kanilang mga anak na may-sakit at hindi nila sinusunod ang mga pamalakad na ipinapayo sa kanila. Ang inyong pakikiisa ay kailangan upang mailigtas ang inyong mag-anak at mga kababayan.

**(Sa susunod na labas: ANG SANGGOL NA KULANG SA BUWAN)**

—« O »—

## Satsatan...

(*Buhat sa pah. 20*)

tawag sa Diyos at marami ang kusang nagpapakagumon na sa pagkakasala, kaya nagkakaganyan!

—Maaari. Kaya kailangang maglinis-linis naman tayo ng konsensiya at matutong magdasal kahit paminsan-minsan.

—Siyenga... —sabad ni Marang Angge na noon lamang nakisagot sa usapan. —Kaya tumigil na kayo ng pagsasatsatan tungkol sa buhay ng may buhay pagka't kasalanan 'yan sa Diyos. 'Yan ang isang paraan ng paglilinis ng konsensiya!

Tila tinablan ng patama ni Mareng Angge, wala nang nagsalita sa magkakaumpok. At pagkaraan ng ilang sandali ay isa-isa nang nagsialis sa barberya ni Pareng Huwan.

—« O »—

## Mga Payo...

(*Buhat sa pah. 9*)

*pagkaalam kung paano ipagpapatuloy ang pagpapalitan ng kuru-kuro, kuwento, at mga biro?*

9\. *Ikaw ba ay walang kibo, pabigla-bigla, at hindi mawatasan?*


10\. *Maaaring ikaw ay maraming totoong nalalaman subali't nakagawian mo na ba ang sumabad at ipagsingitan ang iyong mga kuru-kuro, kuwento, at mga biro?*

Mga katumbas na bilang ng "oo"...

(a) *7... hanggang 10 — nangangahulugang ikaw ay matapat sa iyong sarili subali't sa kasamaang-palad ito'y nagpapakilala na ang marami mong pagkukulang ay nagbubunsod sa marami na ikaw ay layuan at iniiwasan nilang makisama pa sa iyo.*

(b) *3-6 — nagsasaad na kakaunti ang mga bagay na kailangang pag-aralan pa bagama't ang mga iyon ay siyang mahahalagang kalabanin upang lalo kang kagiliwan.*

(c) *Kung ang naging sagot na "oo" ay dalawa lamang o pababa, makatitiyak ka na ikaw ay kinagigiliwan ng marami, at ang matatalinong tao ang nakikisama sa iyo dahil sa iyong mga kaakit-akit na katangian.*


SINASABI NG MGA BITUIN...

Ang bituin ng iyong kapalaran ay nagsasabing ang dapat na maging orasan mo ay isang ELGIN — Isinaoras-sa-mga-Bituin para sa katumpakan. Nasa modelong kaha upang manatiling kaakit-akit, nilagyan ng disenyo at sadyang nilikha upang magamit na hindi nasisira sa panghabang panahong paggamit.

ELGIN
The Beautiful Way to Tell Time

Lady ELGIN "Amber": Kasiya-siyang moderna na may di-kumukupas na katangian! 21 kilatis. 18K gintong numero at pananda. 14K likas na puno ng gintong kaha. Panggalang na hiblang nylon. Nakakahong Pangregalo. 7310-YSC

ELGIN "Panama": Itinakdal 17 kilatis. "SHOCKMASTER!" Ligtas sa tagtag, 10K likas na tubog sa gintong kaha na may "stainless" na ilalim. Ligtas sa tubig! Nakaangat: 5 gintong numero, 8 palamuti, dayal na nakikita sa dilim. Susong balat ng bakang Norwegong panggalang. Nakakahong Pangregalo. 6761-N

PEACOCK'S
The Store of Quality
DASMARIÑAS PHONE: 3-54-71
ERA MEMBER



ngayon
ay panahon
ng pagtungo sa
antipolo. marami
sa ating mga bituin
sa puting-tabing ang
nagsisipunta roon upang
magsimba... at mag-aliw. ang
sambalilong suot ni cynthia
zamora sa larawang ito ay
bagay na bagay gamitin
ng mga dalaga sa
pamamasyal sa
antipolo.